# Kapanahunan Ng Iglesiang Pergamo

Jeffersonville, IN

December 7, 1960

1 Sige. Ngayon, para sa akin, mas mainam na patayin na lang iyan. Tama. 2 Natutuwa tayong makaparitong muli ngayong gabi sa gawain ng Panginon. At talagang pakiramdam ko kagabi'y dumating na ang milenyo. At kaya ngayo'y mayroon tayong ilang, wari ko'y ilang mga katanungan dito, at ipamumulsa ko muna ang mga ito upang... Palagay ko'y panalangin ito, na maipapanalangin mamaya. At tayo'y... At sisikapin kong makasagot sa abot ng aking makakaya.

2 Kung mamarapatin n'yo pakisabi kay Doc na patayin niya ang ilaw na tumatama dito sa akin, upang hindi nakatutok sa akin ang spotlight. Alam n'yo naman, hindi ako isang mangangaral na mahilig sa spotlight. Kaya, mas mainam na wala iyan, palagay ko. Noong nakaraang... 4 Ako ang humiling niyon Doc. Pasensya na. Kita n'yo? O, sandali. Kailangan mong umakyat doon upang iyon ay paganahin? [Nakipag-usap si Brother Branham sa kapatid niyang si Doc—Ed.] O, buweno, pabayaan mo na lang. Siya nga. Buweno, hayaan mo na lang. Naku, huwag. Huwag mong ibabagsak ha. Hayan, mas gusto ko iyan. Minsan... Ayokong nakatutok ang liwanag sa mukha ko, alam n'yo na. At gusto kong dito ito suminag nang sa gano'y makakita ako nang mas maigi. Magagastusan siya diyan.

3 Alam n'yo, hindi ka matatapos dito sa mga kapanahunan ng iglesia. At kanina habang pinag-aaralan ko ito, sinabi ko sa misis ko; ika ko, "Ay, naku. May sapat akong teksto upang makapangaral ng limampung sermon mula sa isang ito." Kita n'yo? At ang mga ito'y sadyang... Sadyang hindi mo ito magagawa, ngunit kukunin lang natin ang pinakamahahalagang bahagi, at marahil ay kapag ililimbag na natin ang aklat sisikapin nating dagdagan ito.

4 Hindi kita nakikita mula rito kapatid. Kumusta ka na, Brother West? Kakarinig ko lang ng isang magandang balita, na ang huli sa pamilya ni Brother Daulton ay nakapasok na, yung isang lalaki o yung isang babae. Sampu iyon, hindi ba? Siyam. Alalahanin n'yo na iyan ay sa ilalim ng bagong ministeryo nang sabihin ng Panginoon sa kaniya na maliligtas ang kaniyang pamilya. Ipinapanalangin ko sila, nakatayo ako't hindi ko alam ang aking sasabihin; ang sabi ng Espiritu Santo, "Ibinibigay Ko sayo ang iyong pamilya." Kita n'yo? At hayan na, lahat sila. Kita n'yo kung papaanong gumawa ang Panginoon? Kita n'yo, sakdal ang mga salita Niya; hindi

kailanman nabibigo ang mga ito. Buweno ayaw nating mapunta sa Divine healing; sinisikap nating manatili sa bahaging ito, na nauukol sa hula.

5 Ngayong gabi, sisikapin kong mangusap lamang, at kung magawa ko, tutungo tayo sa mga bahagi ng kasaysayan ng dakilang kapanahunan ng iglesiang ito, ng ikalawa—o ikatlong kapanahunan ng iglesia na tinatalakay natin ngayong gabi. Nasisiyahan ba kayo rito? Ngayon, sadyang busog na busog ako. Talagang iniisip kong kamangha-mangha ang pagpapala sa atin ng Panginoong Jesus na ibinigay Niya sa atin ang mga bagay na ito, at pinahahalagahan natin ito ng buong puso natin, na maipabatid Niya sa atin kung ano ang mangyayari sa hinaharap bago pa ito maganap. Alam Niya ang wakas mula sa pasimula, kaya nga nagagalak tayo dahil diyan. Kaya nagtitiwala tayong pagpapalain tayo ng Panginoon.

6 At napansin n'yo ba kagabi na pinagkalooban tayo ng Espiritu Santo (pagkatapos ng gawain) ng tatlong mensahe at tatlong kaluluwa, tamang-tama. At habang nangungusap ang Espiritu Santo, bumalik ito sa huling interpretasyon, umulit at nagsabi, "Kung ano ang sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia..." O, "Siya na may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." Sadyang... At nangungusap ang Espiritu sa pamamagitan ng mga kaloob sa iglesia... O, pakagalangin nawa iyon ng iglesia ngayon (Kita n'yo?), panatilihin itong taimtim. Mag-ingat kayo; darating si Satanas upang subuking alisin kayo sa balanse. Tiyakin ninyong ito'y ang Espiritu Santo sa tuwina. At kung ito'y Espiritu Santo, mangungusap Siya ng diretsahan patungkol sa anumang nangyayari. Sa ikatitibay ito ng iglesia. Kita n'yo, kung magiging magalang kayo sa mga iyon, higit pa kayong bibigyan ng Diyos. Kita n'yo, magdadagdag Siya nang magdadagdag. At habang...

7 Ngayon, may tumatawag at nagtatanong, may mga taong tumatawag nitong araw na ito at nagtatanong kung kailan magkakaroon ng gawain para sa pagpapagaling. Ngayon, pagkatapos na pagkatapos ng mga gawaing ito, sa susunod na Linggo ng gabi, aalis ako ng ilang araw upang ipahinga nang kaunti ang lalamunan, at sa sumunod na Linggo, kung loloobin ng Panginoon, magkakaroon tayo ng gawain ukol pagpapagaling, sa kinalingguhan ng umaga. Ito'y sa ... Hindi ko alam kung anong araw ito tatapat, ngunit ito'y isang linggo mula sa ika-18, Linggo ng umaga. Ayos lang ba iyon, Brother Neville? [Sumagot si Brother Neville, "Opo."—Ed.] Ika-18, Linggo ng umaga, mananalangin tayo para sa maysakit... 10 At narito ang ating pastor, wala akong pagkakataong mangusap nang marami tungkol sa kaniya, ngunit nais kong makilala ninyong lahat ang ating pastor. Isa siyang tunay na kapatid kay Cristo. Nagagalak tayong magkaroon ng isang kapatid na dating Methodist na may kabanalan. At kilala nating lahat

si Orman Neville, kilala siya ng lahat ng tagarito. Walang sinumang makapagtuturo ng daliri sa kaniyang buhay. Ako'y... Ayaw niyang sabihin ko iyon, ngunit mas gusto ko na siyang bigyan ng munting

parangal ngayon, kaysa ng isang korona pag wala na siya. Kita n'yo? At ngayon na ang pagkakataon.

8 Papalabas ako sa simbahan isang gabi at may nagsabi sa akin, "O Brother Branham, tuwang-tuwa ako sa sermon na iyon." At sabi ko, "Salamat." 12 At may isang nakatayo sa pintuan (Maraming taon na ang nakalipas nang mangyari ito, dito sa Tabernakulo.), isang ministro, aniya, "Buweno, purihin ang Diyos, ayokong sinasabi sa akin iyan ng sinuman." Aniya, "Gusto kong mauwi sa Diyos ang lahat ng kaluwalhatian." 13 Sabi ko, "Buweno, ganu'n nga." Kita n'yo? At ang sabi ko, "Buweno, gusto ko rin iyon." Ika ko pa, "Gustong-gusto ko iyon." At ang sabi ko, "Dapat akong maging tapat." 14 At aniya—aniya, "Buweno, ayokong sabihin iyan ng mga tao tungkol sa akin, purihin ang Diyos." 15 Ang sabi ko, "May isa lang pagkakaiba sa akin at sa'yo: Tapat ako dito samantalang ikaw ay hindi." 16 Sinuman ay gustong... Tignan mo ang isang bata, purihin mo siya nang kaunti, mas pag-iigihin niya (Kita n'yo)...?... Kita n'yo? 17 At ang Diyos, sa tuwina, gustung-gusto Niyang ipaalam sa Kaniyang mga anak Niya kapag nakagagawa sila ng tama. At gustung-gusto Niyang ipaalam sa kanila kapag nagkakamali sila, kaya bakit hindi mo ipaalam sa kanila kapag nakagagawa sila ng tama? Kita n'yo?

9 Kaya tunay ngang nagpapasalamat ako sa Diyos dahil kay Brother Neville bilang isang pastor ng kawan dito sa Tabernakulo. At ang makitang ang taong ito'y isang dating Metodista, mabagal sa... Aba'y para bang gustong kumain sa isang maling puwesto. Kaya... Ngunit natuklasan niya sa pamamagitan ng dakilang Espiritu Santo, at ngayo'y pumapasok na siya sa mga kaloob; at gano'n na lamang siya kung gamitin ng Espiritu Santo kapag hindi niya ginagamit ang kaniyang sariling kaisipan. Masdan n'yo ang interpretasyon sa tamang ritmo, at tamang pagtaas at pagbaba, gaya ng mga panggalan at mga panghalip, at iba pa, at tumutugon nang mabilis. 19 At ang kapatid na ito, palagay ko'y hindi siya... Si Junior Jackson. Buweno, tatahimik na lang ako, Junie. Nagpapasalamat ako sa Diyos dahil

kay Junie Jackson. Tunay ngang may taglay na dakilang kaloob na galing sa Panginoon ang kapatid na ito.

10 At nananatili siyang mapagpakumbaba. Ngayon, bawat isang nasa iglesia ay may dapat gawin; ngunit huwag na huwag n'yo itong ihiwalay dahil sa ibang bagay. Hayaan n'yong tumugma ito sa iba pang bahagi ng iglesia; para sa Diyos ang lahat ng bagay. Kita n'yo, kita n'yo? Huwag nasain ng lahat na magsalita ng iba't-ibang wika, at magpaliwanag. 21 Sikapin ninyong gumawa ng isang bagay na mabuti at manatili lamang sa pagiging mabuti; huwag kayong mag-ingat ng malisya, ng hinanakit; huwag n'yong pahintulutan ang anumang kapaitan. Kahit na gaano kasama ang isang tao at gaano kasam ang kanilang sinasabi laban sa inyo, huwag kayong magisip ng masama sa puso ninyo laban sa kanila; dahil diyan papasok ang diablo, at makagagawa kaagad. Panatilihin ninyong natatakpan ito ng makalangit na pag-ibig, pagtatapat, at pagtutuwid, at gawan n'yo ng mabuti ang mga gumagawa ng masama sa inyo. "Kung sa mga gumagawa lamang ng mabuti sa inyo kayo gagawa ng mabuti, aba'y," ang sabi ni Jesus, "hindi ba't gayon din ang ginagawa ng mga Publicano?" Kita n'yo, ang mga makasalanan, sinuma'y maaaring maging mabuti sa mga mabuti sa kanila. Ngunit maging mabuti kayo sa mga hindi mabuti sa inyo; gawan n'yo ng mabuti ang walang nais na gawin para sa inyo. Mangusap kayo nang mabuti sa taong magsasalita ng masama laban sa inyo, at sa gayong paraa'y maiiwasan ninyong makapasok ang kapaitan sa inyong puso; at magiging mapagmahal kayo sa kaninuman kapag nagkagayon. Habang nananatili kayo sa pag-ibig...

11 Ngayon, sasabihin mo, "Buweno, ginawan nila..." Hindi tayo ang hukom; ang Diyos ang Hukom. At hindi mo nasang mapahamak ang kapuwa mo, hindi ba? Tunay ngang hindi, maging sino man sila. Ayaw mo no'n, kaya sikapin mong maging mabuti ka sa kanila. "At nagtatakip ang pag-ibig ng maraming mga kasalanan." Opo. Pag-ibig, ganiyan ito kabuti ang makaCristiano at makadiyos na pag-ibig... 23 Kapag may taong lumapit at binansagan kang isang holy roller at lahat na ng uri ng bansag... Ngayon, basta't huwag kang umastang parang ganu'n nga. Kita n'yo? Kung hindi mo kaya, lumayo ka na lang. Ngunit sa puso mo, kailangan mapasa-kalagayan ka na masasabi mo, "Buweno, ito'y... Ngayon, marahil kapatid, kung naunawaan mo ito tulad ng pagkakaunawa ko, magiging magkatulad ang damdamin natin tungkol dito." Kita n'yo? At sadyang maging magiliw ka sa kaniya, at magpatuloy kang ganu'n. At maging magkaiba man tayo nang singlayo ng silangan sa kanluran, walang anuman iyon.

12 Tulad ng sinabi ko nung isang gabi, may kapatid akong isang... Lalakinglalaki ang sukat niya: si Melvin; matangkad siya, olandes ang buhok. Ngayon, ang itsura namin ay para bang wala kaming relasyon. At magkaiba kami ng mga hilig, magkaiba kami ng mga nasahin; ngunit ang nanay niya'y nanay ko rin; ang tatay niya'y tatay ko rin; kapatid ko siya. Kita n'yo? Dahil ipinanganak kami sa iisang pamilya. 25 Ngayon, magkaiba kami. Si Melvin ay hindi Cristiano, at mahilig siya sa baseball, karera ng kabayo, at ganu'ng mga bagay. At wari ko'y gusto niya ng chocolate pie, kaya tiyak akong magkaiba kami riyan. Ayaw ko ng karera ng kabayo o ng baseball. Ang gusto ko ay pangingisda at pangangaso. Kita n'yo? At hindi niya ikikilos ang kamay niya para diyan, at hindi ko rin naman ikikilos ang kamay ko para doon. Kaya nga (Kita n'yo?), gusto niya ng chocolate pie at gusto ko naman ng cherry. Kaya nga...

13 Ngayon, hindi ako nagpaparinig. Kita n'yo? Ngunit nabanggit ko minsan sa isang pagtitipon, na gusto ko ng chocolate pie, at nang sumunod na gabi'y nakakain ako ng mga limang chocolate—o cherry pie, at

nakakain ako ng apat o limang cherry pie na niluto ng mga kapatirang babae at dinala sa akin. Naku, nagkaroon kami ng jubilee sa aking kuwarto. Opo. Ngunit hindi ganu'n ang ibig kong sabihin. Kita n'yo? 27 Ibig ko lang ay ipakita sa inyo ang pagkakaiba-iba. Nauunawaan n'yo ba? Ngunit sino man siya, mahal ko siya; kapatid ko siya. At hindi siya isang Cristiano dahil nakikita niya ang mga bagay-bagay sa ibang liwanag. Nakikita ko ang mga bagay-bagay sa Liwanag ni Cristo; gayunma'y hindi ko masasabing hindi ko siya kapatid, dahil magkapatid kaming ipinanganak sa iisang pamilya.

14 Ngayon, kagabi'y, mayroong akong sinipi sa bandang huli. At ngayo'y tandaan n'yo, dumating ang unang mensahe sa iglesia pagkatapos ng mga unang nalaman n'yo, maliban pa doon sa Kentucky, na may magaganap na mahiwagang mga bagay sa gawaing ito na gugulat sa marami. Naaalala n'yo ba iyon? Nasa tape na ito ngayon. Kita n'yo? Kagabi'y nahayag ang isa sa mga iyon. Kaya't medyo napatigil nang sandali, ngunit tiyak akong nasapo n'yo; dahil hinatid ng Espiritu Santo, iyon ay nakatakdang maganap: Isang eternal na impiyerno, walang ganiyan sa Biblia. 29 Walang eternal na impiyerno. Kung mayroon kang walang hanggang... Kung masusunog ka sa impiyerno nang walang hanggan, kung gayo'y dapat ay may Buhay na Walang Hanggan ka upang maparoon ka nang buhay. At may isang anyo lamang ng Buhay na Walang Hanggan; iya'y ang Diyos. Kita n'yo? Kaya nga hindi nagtuturo ang Biblia ng eternal na impyerno; ang itinututuro nito ay isang impyernong magpakailanman (everlasting hell). Iyon

ay maaaring magtagal ng mga sampung libong milyong taon; hindi ko alam, ngunit iyon ay kailangang magtatapos. 30 Dahil kinailangan kong isingit iyon doon. Itinago ko iyon sa mga iglesia at iba pa hanggang akin nang—nasasaakin kung iyon ay sasabihin ko. At may ilang mga bagay dito na nasasaakin kung babanggitin ko, kaya bawat gabi'y natutuklasan natin ang mga ito.

15 Ngunit ngayon, mula sa gabing ito, simulan n'yo nang isuot ang inyong espirituwal na pag-iisip (Kita n'yo?); hayaan n'yong panuutin ito ng Espiritu Santo. At kapag narinig n'yo at hindi kayo sumasang-ayon, humayo lang kayo at magsabi, "Kawawang Brother Branham, tunay na hindi niya nauunawaan. Ipagdarasal ko siya." Gawin n'yo iyon, at ako'y... Ipaaalam ng Panginoon sa akin ang katotohanan kapag nagkagayon, ngunit magsimpatiya lang kayo sa akin, at huwag n'yo akong itakwil. Maaaring totoo rin naman iyon, ngunit labis akong nasisiyahan na isipin ito sa ganitong paraan. Kaya nga't napagdudugtong-dugtong nito ang bawat dulo. At ako'y... Maaaring mali ako; maaaring may patlang kung saan na hindi ko nalalaman, na marahil ay alam n'yo, at ipanalangin ninyo sa Panginoon na ipakita sa akin. 32 At ngayon, higit sa lahat, manalangin kayo para sa isa't isa, at huwag ninyong payagang magpakita ang diablo ng anumang kapaitan. Kita n'yo? Panatilihin n'yong dalisay ang inyong mga kaluluwa sa oras na ito, dahil nasa dulong panahon na tayo ng kasaysayan ng mundong ito. Kita n'yo? Nasa dulo na tayo, mga kaibigan, walang kaduda-duda.

16 Habang nagpapatuloy tayo sa mga kapanahunang ito ng iglesia, marahil ay marami tayong matutuklasan ngayong gabi nang mabilis. Medyo magsusugsog tayo at kukuha tayo ng background sa ating pagsasara; at ngayon, ngayong gabi'y maghahayag tayo ng ilang tunay na espirituwal na mga bagay. Pakatandaan n'yo ngayon, nasabi ko na, kakailanganin ninyong isuot ang inyong espirituwal pag-iisip. Ngunit masdan ninyo ang mga Kasulatan. Dapat ay nasa Kasulatan ito, at dapat ay nasa buong Kasulatan ito. Kita n'yo? Ngayon, pakatandaan n'yo na—kung alam n'yo lang ang Salita, at nasasabi n'yong, "Buweno, nag-high school ako. Nag-aral ako sa Bible school. Nagtapos ako sa kolehiyo." Walang kabuluhan iyan. Ganiyan din ang ginawa ng lahat ng mga Fariseo at mga Saduceo pagkatapos ay nagmintis sila ng milyun-milyong milya sa pagkakilala kay Jesus. Kita n'yo?

17 Ang Kasulatan, ang kapahayagan ng mga Kasulatan ay inililihim sa mga mata ng pantas at matatalino, at ipinahayag sa mga sanggol na nais matuto. Kaya't kayo at ako ay maging mga sanggol at ibsan natin ng dalahin ang ating mga puso, at sabihin natin, "Panginoon, sabihin Mo lang sa amin, at kami ay nakikinig." At pagkatapos ay saluhin n'yo ang espirituwal na aplikasyon.

Ngayon, tandaan n'yo iyan. Sapuhin n'yo ang espirituwal na aplikasyon ng mga Salitang mababanggit magmula sa gabing ito sapagkat tayo ay papasok sa isang dakila at mahiwagang kapanahunan ng iglesia.

18 Ngayon, palagay ko'y iyon lang. Ngayon, tandaan n'yo bukas ng gabi, iba't ibang kapanahunan ng iglesia ang tatalakayin natin bawat gabi. At tiyak kong magkakaroon tayo ng maraming panahon bukas upang matalakay ito nang maghapon, at pati bukas ng gabi. Ngunit, ngayon, mangyari kasi, marami sa kanila'y magtatrabaho, at sisikapin kong kunin lamang ang pinakamahahalagang bahagi ng mensaheng ito, tutumbukin ko ang dakong ipinangungusap dito, at maaari mong talakayin ang isa sa mga ito at pasadahan mo nang husto hanggang sa di mo na alam kung sang ito hahantong. Kita n'yo? Ngunit... At pagkatapos ay pag-aralan n'yo ito sa bahay, at ipapanalangin ko kayo, at ipanalangin n'yo ako, at pagpalain nawa tayong lahat ng Diyos bilang sumasampalataya Niyang mga anak. Ngayon, bago tayo magsimula, iniisip ko kung hindi magiging masyadong mahirap sa inyo kung tayo ay tatayo.

19 At alam n'yo ba kung bakit gusto kong tumayo at manalangin? Ang sabi ni Jesus, "Sa tuwing kayo'y nakatayo't nananalangin, dumalangin kayo, 'Ama namin na nasa langit... At magpatawaran kayo sa isa't-isa." Kita n'yo? At sa isang pagkakataon ay ibinilang ni Gideon sa kaniyang hukbo ang mga nagsiyuko sa

paghimud ng tubig, o ang mga uminom ng tubig nang nakatayo. Kita n'yo? Kaya ang mga sumalampak, dati silang nagpapatirapa sa mga diyus-diyosan, at alam niyang hindi sila angkop na makasama. Kaya't ang napabilang ay ang mga nakatayo at ang mga mata'y nagmamasid sa lahat ng sandali. Ganu'n ang ginagawa natin: tumatayo at nananalangin. Ngayon, naniniwala rin ako sa pagluhod at pananalangin; ngunit, ang pagtayo at pananalangin, wari ko'y sadyang may kung ano'ng kahulugan sa atin. Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon, pati na ang bawat puso.

20 Mabiyayang makalangit na Ama, habang buong galang kaming lumalapit sa luklukan ng Iyong katarungan... At hindi kami dumudulog upang hilingin sa Iyong bigyan Mo kami ng katarungan, dahil lahat kami'y matutupok, ngunit lumalapit kami, na humihingi ng habag, O Panginoon. Buhusan Mo po kami ngayong gabi ng Iyong Espiritu Santo, hindi dahil karapat-dapat kami, kundi dahil hindi kami karapat-dapat, at napagtatanto namin ito, napagkikilala naming, at lumalapit kami hindi sa aming sariling pangalan, dahil hindi ito sapat. Wala kaming anumang katarungan o anuman; ang pinakamataas naming katuwiran ay magmimistulang maruming basahan sa Iyong paningin. Kaya't buong pagpapakumbaba kaming lumalapit sa Pangalan ng Panginoong Jesus, dala-dala namin sa Kaniyang harapan, ang Dugo ng Kaniyang tipan, na

taglay naming sa aming mga puso, at nagsusumamo, "Diyos, mahabag Ka sa aming mga makasalanan na humihingi ng habag sa oras ng kakapisan." Upang kapag isang araw ay naipangaral na ang huling sermon, hindi namin alam kung kailan iyon magaganap; sa huling pagkakataon ay may sisigaw sa himpapawid; mapipinid na ang Biblia sa pulpito; ililigpit na ang mga armas; tutunog na ang mga korneta; lulubog na ang araw. O Diyos, kung magkagayo'y itago Mo ako, O Bato ng mga Kapanahunan, sa oras na'yon.

21 At nakikita naming wala nang paraan ng pagtakas ngayon, wala na liban na lamang sa pamamagitan Mo. Nakikita naming nawawasak na ang mga bansa. Nakikita naming natutupad ang Biblia. Nakikita namin ang paggising ng Israel. Nakikita namin ang Mensahe sa iglesia. At malapit nang matapos ang oras sa panahon ng paghahayag ng mga dakilang bagay, at pagbubukas ng Pitong Tatak. 39 Diyos, Diyos, O Diyos mahabag Ka sa amin; humihingi kami ng awa. At bilang lingkod Mo, humihingi ako ng awa para sa lahat sa na nasa Makalangit na Presensya ngayong gabi. Diyos, wala nawang isa sa mga taong narito na may kasalanan sa kanilang kaluluwa, ang hindi malinis ngayon ng Dugo ng Panginoong Jesus, upang magkita-kita kami sa pinagpalang dakong lampas sa kalangitan. 40 At sa pagtungo ko sa Kasulatang ito ngayong gabi, Ama, oh, kapos po ako. Diyos, walang isa man sa amin ang may kasapatan. Inaamin naming wala kaming alam, Ama, ngunit taimtim kaming umaasa sa Espiritu Santo upang magpahayag Siya sa amin. Habang binubuklat namin sa pamamagitan ng kaalaman ng aming kaisipan na ibinigay Mo sa amin, ang kasaysayan, ibigay nawa ng Espiritu Santo ang espirituwal na aplikasyon sa aming mga puso. Itulot Mo po ito, Ama, dahil naghihintay kami sa Iyo sa Ngalan ni Jesus na Iyong Anak. Amen. (Makakaupo na kayo.)

22 Sa ikalawang kabanata ng Aklat ng Apokalipsis, at sa ikalawang iglesia, sa ikatlong kapanahunan ng iglesia. Simula... [Isang sister ang nagsalita sa ibang wika—Ed.] Pagpaumanhinan ninyo ako. 42 Ama namin, na nasa langit, sambahin ang Ngalan Mo. Dumating ang kaharian Mo, maganap ang kalooban Mo, sa lupa tulad ng sa langit. Humihiling kami sa Iyo na samahan Mo kami, Ama, at pagpalain Mo kami, at tulungan kaming maging matalinong tagapagtayo sa panahong ito ng dakilang kahapisan sa kalagitnaan ng mga tao. Sa panahong ang kalituhan at lahat na ay nagpapatuloy, tulungan Mo kaming maging pinakamahusay namin, Panginoon, upang maging mga lingkod Mo sa Ngalan ni Cristo. Amen.

Ngayon, sinabi ko muna iyon, upang malaman n'yo. Napansin n'yo bang hindi lumapat sa Salita ang interpretasyon? Napahiran ng Espiritu Santo ang kapatid nating babae, walang duda, ngunit ibinigay niya ang mensahe matapos na pumasok na tayo sa Salita. Kita n'yo? Bahagya kang nawala sa kaayusan ng bagay na iyon. Ngayon, ayos lang iyon, mahal na kapatid, sino ka man. Kapag nasa'yo ang Espiritu Santo, o napakahirap nitong pigilan nang ganiyan; alam ko. Gaya ito ng... O kung nangungusap ka ng isang bagay at... Kita n'yo, ngunit ayos lang iyon; ngunit marahil ay nadama mo na iyon bago pa tayo magsimula. Kita nyo? At iyan ang dahilan (Kita n'yo?), bumabalik ito kapag kumikilos ang Espiritu. Ang mga espiritu ng mga nagpo-propesiya ay napapasakop sa mga propeta. Kita n'yo? Ikaw iyon.

23 Ngayon, maaari kang pahirang muli ng Espiritu Santo, sana'y gawin Niya, pagkatapos na pagkatapos ng gawain. At masdan mo ang pagdating ng interpretasyon (Kita n'yo), dahil mapapasa kaayusan ito kapag nagkagayon. Kita n'yo? Ngunit patungo pa lang tayo sa Salita (Kita n'yo?), rito. Kaya ngayon, tunay na iyon ay sa Diyos; tunay nga; naniniwala ako't nadarama ko ito nang buong puso ko, dahil nadama kong umakma ang bandang dulo niyon. Kita n'yo? Ngunit ang Espiritu Santo... Hindi pa oras. May mensahe siya sa kapatid na babae para sa iglesia, ngunit dito Niya ginagawa ang Kaniyang mensahe sa ngayon. Kita n'yo, hindi Niya lilituhin ang Kaniyang sarili; isinasaayos Niya ang lahat ng mga bagay. Natitiyak kong naunawaan ito ng bawat isa (Kita n'yo?), tama lang iyon.

24 Ngayon, sa—sa ika-2 kabanata ng Aklat ng Apocalipsis, at ating... Magsisimula tayo ngayong gabi sa kapanahunan ng Pergamo, sa ika-12 kabanata. Ngayon, iniwan natin kagabi ang ika-11 talata. Siya na

may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; Siya na magtagumpay ay hindi masasaktan ng ikalawang kamatayan. 46 Ngayon, sa unang kapanahunan ng iglesia, natuklasan nating nagsimula na ang mga Nicolaitanes. Ipinahayag ng Diyos ang Kaniyang sarili bilang... Ipinahayag ni Jesus ang sarili Niya bilang Diyos na Makapangyarihan sa lahat: wala nang iba, walang bahagi, walang piraso ng Diyos, Siya lamang ang nagiisang Diyos.

25 Ngayon, sa kapanahunan ng iglesia kagabi, nakita nating nakatayo Siya sa pintuan, at isinulat Niya ang mga bagay na ito sa iglesia, at sinabi sa kanila ang kanilang karukhaan. Ngunit sinabi Niyang taglay nila—itong mga Nicolaitanes, at iba pa, na Kaniyang kinapopootan.

Kagabi'y nagsuot sila ng putong ng martir. Sinabi Niya silang huwag matakot hanggang sa kamatayan, na sasamahan Niya sila. At sa huli'y sinabi Niya, "Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan."

26 Ngayon, kung may isa tayong kamatayan na nalalaman, kung gayo'y dapat may isa pang kamatayan; dahil ang unang kamataya'y dito natin sa laman nararanasan; ang ikalawang kamatayan naman ay nararanasan natin sa espiritu, sa kaluluwa. Ito'y, "At ang kaluluwa na nagkakasala, ay walang pagsalang mamamatay." Ang kamataya'y sadyang lubusang paglisan sa lahat ng bagay (Kita n'yo?), ika'y—ika'y... Ang kamataya'y nangangahulugan ng pagkakuha; i—ito'y pagtangay, o pagkakubli. Kaya pag namatay ang mga mahal natin sa buhay, wala na sila sa abot ng ating nalalaman. Tinatawag natin iyong kamatayan. 50 Ngunit hindi namamatay ang isang Cristiano. Walang Kasulatan na nagsasabing namamatay ang isang Cristiano, dahil siya'y may Buhay na Walang Hanggan. Kapag namatay ang isang makasalanan, tapos na siya, at sa kahuli-hulihan ang kaluluwa niya'y mamamatay na. Ngunit kapag namatay ang isang Cristiano, naghihintay lang siyang kasama ni Jesus upang muling bumalik. Oh, sana'y mayroon akong panahon upang matalakay ko ang dulo ng pangitaing ito ngayong gabi, kung saan tayo magbabalik; at makikita ninyo, kung papaanong ang hatid nito ay katulad ng sa ikalawang kamatayan. Ang kabanatang ito na ating tinatalakay ngayong gabi ay pareho rin ang hatid, mayroon ditong napakagandang aplikasyon.

27 Ngayong gabi, babasahin natin ang sulat na ito nang mabilis, dahil mayroon akong ilang—ilang impormasyon ng kasaysayan na nais nating unahin at sisikapin nating hindi kayo masyadong pagtagalin. Ngayon, sa... Pagkatapos ng mga gawaing ito, kung mabasa ko ito ng sobrang bilis, kung nais n'yong makuha ang aplikasyon nito, na kay Brother Mercier lahat ng ito; ibinibigay ko kaagad ang mga sipi sa kaniya; at magagawa niya, dahil isinusulat niya ito sa aklat; ibibigay niya sa inyo anumang nais n'yo tungkol dito. Magiging maayos iyon, Brother Mercier.

28 Ika-12 talata... At sa anghel ng iglesia sa Pergamo ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas na tabak na may dalawang talim;

Nalalaman ko ang iyong mga gawa at kung saan ka tumatahan, sa makatuwid... Sa luklukan ni Satanas... at iniingatan mong matibay ang aking pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas.

Datapuwa't mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagkat mayroon ka diyang ilan na

nanghahawak sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid. Gayon din naman na mayroon kang ilan na nanghahawak sa aral... (Mga gawa ito doon sa Efeso, ngayo'y naging aral na.)... aral ng mga Nicolaita... (Naaalala ba ninyo na sinabi ko ito sa inyo noong nakaraang gabi, kung papaano ito nakarating diyan? Mga gawa dati sa Efeso, ngayo'y isang aral na.)... ang—ang aral ng mga Nicolaita, na siyang kinapopootan Ko. (Um.) Magsisi ka nga; o kung hindi ay madaling paririyan ako sa iyo, at babakahin ko sila... (hindi ang tunay na iglesia)... sila ng tabak ng aking bibig. Ang may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap. Ngayon, ang Panginoon ang siyang magdagdag ng pagpapala Rito, at tulungan nawa tayo ngayon habang sinisikap nating...

29 Ngayon, tungkol sa background ng iglesiang ito. Ito ang ikatlong kapanahunan ng iglesia, na kung tawagin ay Pergamo. At ang panahon na itinagal ng iglesiang ito ay mula 312, A.D. 312 hanggang 606. 54 Ang kapanahunan ay: maling aral, kasinungalingan ni Satanas, ang pundasyon ng paghahari ng papa, at pagpapakasal ng iglesia sa estado. 55 Ang gantimpala ay natatagong manna, isang batong puti. 56 At ang bituin, ang Anghel ng iglesiang ito, ayon sa ipinahihintulot ng Espiritu Santong gawin ko, pinili ko si Saint Martin. Ito ang kapahayagang ibinigay sa akin ukol dito, dahil sa pagbabasa ko tungkol sa ibang mga banal sa panahong iyon. Pinili ko si Saint Martin dahil siya'y makadiyos; sa aking opinyon sampung ulit siyang higit na apostol kaysa kay Saint Patrick. 57 Ngayon, pamangkin ni Saint Martin si Saint Patrick; kapatid ni Saint Martin ang ina ni Saint Patrick. At si Saint Martin ay... Anopa't tiyuhin siya ni Saint Patrick.

30 Ngayon, ang buhay niya'y nagtagal mula A.D. 315 hanggang 399. Ngayon, kaya pinili ko siya ng higit kaysa sa ibang mga banal ng panahong iyon ay dahil sa paraan ng kaniyang pamumuhay. At sa ilalim ng inspirasyon ng Diyos, hindi ako naniniwalang...

Ngayon, hindi siya kinanonisa ng iglesiang Catolico; hindi nila siya kinilala, at isa pang dahilan iyon ng pagpili ko sa kaniya. A-ha, a-ha. At lahat ng mga ito na ating nakikita, na nagtaglay ng espirituwal na ministeryo, ay tinanggihan ng unang iglesia. Tinanggihan ito ng iglesiang Nicolaitanes, dahil sa mga bagay na ito; espirituwal sila. At tulad ng pagkaguhit ko rito, sinisikil ang iglesia, at ang aral ng Nicolaitanes ay nasa mayorya; at ang tunay na iglesia ay nasa minorya, palagi naman. 60 At gaya ng sabi ko mula pa nung umpisa, si Jesus ang nagsabi, "Huwag kayong matakot, munting kawan; sapagka't nakalulugod na mainam sa inyong Ama na sa inyo'y ibigay ang kaharian." Kaya't pinatutungkol ko ang Kaharian sa isang espirituwal na Kaharian. At mayroon tayong espirituwal na Kaharian, at iyan ay lubos nating ikinagagalak, at may isang Hari sa Kahariang ito. Tandaan, Siya ang Hari ng mga banal (mga pinabanal); Siya ang kanilang Hari na nangunguna rito.

31 Ang buhay ni Saint Martin ay isa sa mga pinakadakilang buhay na napuspos ng mga himala sa sa mga kapanahunan ng iglesia. Magmula pa kay San Pablo, isa siya sa mga pinaka espirituwal na tao. Siya ay... Isa sa kaniyang unang himala ay... Una isa siyang sundalo, sa aking paniwala. At habang naglalakad siya isang araw, may isang lalaking nakahiga na nangangatog sa ginaw, at ayaw tumulong ng mga tao, bagama't may kakahayan silang tumulong sa lalaking iyon, nilalampasan lang nila siya gaya ng ginawa ng pari at Levita sa kuwento ng Mabuting Samaritano. 62 Ngunit nang dumaan si Saint Martin, sa pagkaunawa niya sa kaniyang tungkulin bilang isang mananampalatayang Cristiano, hinati niya sa pamamagitan ng kaniyang espada ang balabal na nasa kaniyang mga balikat at ibinigay ang kalahati sa pulubi; kinuha niya ang kalahati. At nagsimula ang karera niya nung gabing iyon, dahil nagpakita sa kaniya si Jesus Cristo sa isang pangitain, nakabalot ng balabal na iyon na hinati niya sa dalawa; at natupad ang Kasulatan, "Yamang inyong ginawa sa mga ito, ay sa Akin ninyo ginawa."

32 Kaya kunin n'yo iyan bilang aral. Anumang gawin ninyo sa iba ay ginagawa n'yo kay Cristo. Pakatandaan n'yo lang. Ngayon, inyong... Sabihin natin iyon nang sabay-sabay [Nagsalita ng sabay-sabay si Brother Branham at ang kongregasyon—Ed.]: "Anumang gawin ninyo sa iba, ay ginawa ninyo kay Cristo." Kaya hindi mahalaga anuman ang iniisip niya tungkol sa iyo, ang mahalaga'y ang iniisip mo tungkol sa kaniya (Kita n'yo?), iyon ang naghahatid ng pagpapala.

33 Iyon ang kaniyang unang himala at ang pasimula ng kaniyang ministeryo. Napakarami nito; kulang ang panahon ko. Dahil gusto kong bumalik kayo bukas ng gabi at gabi-gabi, kaya ayaw kong pagtagalin kayo nang husto. 65 Sige, ang ikalawang himala na pinili kong banggitin ngayong gabi. Lubusan niyang winasak ang hitenismo, at mahigpit ang paglaban niya sa iglesia ng Roma. Lubusan siyang sumalungat sa mga obispo ng unang iglesia ng Roma, kaniya silang nilabanan sapagkat nagiging maka-sanlibutan na sila at iba pang tulad niyon. 66 Sadyang laban siya sa kanila. Isang himala na nakapamuhay siya sa ganoong uri ng panahon. Ngayon...

34 Ngunit isang araw ay winawasak niya ang isang paganong asera, at ginigiba ang isang paganong dambana na may katabing isang sagradong punong-kahoy. At habang pinuputol niya ang punong-kahoy na ito, marami sa mga nakatayo sa malapit ang nagagalit. Aniya, "Kung ako'y tao ng Diyos, itali n'yo ako kung saan nakahilig ang punong-kahoy na ito at hayaang n'yong bagsakan ako. Kung ako'y tao ng Diyos... Kung hindi ako tao ng Diyos, ikamamatay ko ang punong-kahoy. Kung ako'y tao ng Diyos, magagawang ipipihit ng aking Diyos ang puno sa ibang lugar." Isang napakalaking hamon... Kaya't sinimulan nilang palakulin ang puno; at nang magsimulang bumagsak ang punong-kahoy, umigkas ito nang pabaligtad at namatay ang isang grupo ng mga nanonood. Pinihit ito ng Diyos nang pataas sa burol: isang himala. Oh, sa tuwina'y may mga himala sa kaniyang mga gawain.

35 Isa pang himalang inisip kong banggitin ay tungkol sa isang patay na sanggol na dinapaan niya. At muli itong nabuhay, matapos siyang manalangin nang ilang sandali para sa bata. 69 Isa pang katangi-tangi para sa akin ay ang tungkol sa emperor. Nakatakda niyang patayin ang ilan sa mga tao ng Diyos na puspos ng Espiritu Santo. At siyempre, siya ang kanang-kamay ng obispo ng unang iglesia ng Roma nung panahong iyon, at siya talaga ay isang papa bago pa siya tawaging papa. D-am-a-s-u-r ang pangalan niya at ipinapapatay niya ang lahat ng mga Cristianong nahuhuli niya. At ang asawa ng emperor na ito'y isang pagano, at maitim ang kaniyang puso... 70 At dumating si Saint Martin upang mamagitan. Sinabihan siya ng kaniyang asawa na susubukan niyang mamagitan upang hindi mapatay ang mga Cristianong ito. Anopa't, nang makarating siya sa kaniya, wala rin siyang nagawa, dahil kanang-kamay lang siya ng papang ito; kaya pinapatay din nito ang ang mga Cristianong puspos ng Espiritu Santo.

36 Ngunit ninasa ni Saint Martin na makausap siya, ngunit inawat siya ng mga tanod sa pintuan. Buweno, sumubsob si Saint Martin, nagpatirapa roon, at nanalangin hanggang ipakita sa kaniya ng Diyos na dapat siyang pumasok. Nang magbangon siya roon, dumaan siya sa mga nakapinid na mga pintuan at kusang bumukas ang mga ito, at siya'y nagpatuloy sa paglakad. 72 Ngayon, ito'y kasaysayan; hindi ito basta isinulat ng kung sino tungkol sa kaniya, at bilang isa lamang munting... Kung anu't anoman, may

masamang palagay na sila rito, kung isang iglesia ang magsasaysay; o kaya'y, sasabihin ko, lalo pa nga kung ito'y ang iglesia ng papa, hindi nila babanggitin ang mga bagay na iyon. Ngunit kita n'yo, sinisipi ng kasaysayan ang katotohanan. Kita n'yo?

37 At nagpatuloy sa paglakad si Saint Martin, dinaanan ang bawat tanod, at lahat ng iba pa, patungo sa harapan mismo ng emperor. At ayaw igalang ng emperor ang lingkod ng Diyos. Alam n'yo, kawalan iyon ng asal. Kaya't ipinihit lang niya ang kaniyang mukha at ni hindi siya iginalang. Alam n'yo kung ano'ng ginawa ng Diyos? Sinikap niyang kausapin siya subalit pinanatili niyang nakapihit ang kaniyang mukha, at pagpupugayin ng Diyos ang paganong ito sa Kaniyang lingkod. Kaya't sinilaban Niya ang kinauupuan nito, at napatayo siya sa pagkakapaso. 74 Ngayon, iyan ay kasaysayan ng Biblia, "Nicene Council." Kinailangang igalang niya ang lingkod ng Diyos; pinatayo Niya siya. Nasunog pa nga ang upuang kinauupuan niya; dinaanan ng apoy ang buong katawan niya at nasunog ang ilalim ng upuan, at kinailangan niyang dali-daling magtindig mula roon. May paraan ang Diyos ng pagsasagawa ng mga bagay-bagay, alam n'yo. A-ha. "Kayang magpalitaw ng Diyos ng mga anak ni Abraham mula sa mga batong ito." At tandaan n'yo, ang Diyos ding iyon ay nananahan sa ating kalagitnaan ngayong gabi. Iisang Diyos. Tama.

38 At isa pang gusto ko, at pagkatapos ay hihinto na ako. May ilan pa ako rito, ngunit ako'y sadyang... Ngayon, gustung-gusto ko ang isang ito. Isang araw habang siya'y naghihintay sa kaniyang mga tupa sa pananalangin sa kaniyang silid-aralan... 76 Isang siyang dakilang tao, at inilibot niya ang iglesiang ito na puspos ng Espiritu Santo, lahat... Oh, nagawa niyang mapapuspos silang lahat ng Espiritu, ang buong kongregasyon niya. At gumawa ang mga Cristiano ng mga himala at mga tanda at mga kababalaghan sa buong bansa. 77 Kita n'yo, nangungusap ang Diyos sa Kaniyang mensahero, at nangungusap ang mensahero sa karaniwang- tao. At iyon ang nangyari.

Nakikita n'yo ba? Iniingatan Niya kapuwa ang karaniwang tao at siya sa Diyos (Nakikita n'yo ba?), dumadaloy ang Espiritu Santo sa buong lupon nila.

39 Maraming beses kapag sila'y pinapaslang, pinatatayo nila ang ministro sa kalagitnaan nila, gaya niyan, at sabay-sabay silang pinapatay. At napakatinding mga kasamaan ang ginawa nila sa mga taong iyon: sinunog nila sila. Ipinako nila sa troso ang mga kalalakihan, at pinawalan ang mga mababangis na aso, at hinayaan nilang lapain sila mula sa likuran, hinahatak ang kanilang mga bituka bago mamatay. Kinuha ang mga kababaihan, tinagpas ang kanang dibdib nila, at pinatayo sila habang tumitibok ang kanilang puso, at pumipintig nang mabilis hanggang sa sumubasob silang patay, na ganu'n. Kinuha nila ang mga sanggol mula sa mga kagampang ina at ipinakain sa mga aso at iba pa, habang ipinapapanood ito sa mga inang iyon. At lahat ng klase ng...

40 Ngayon, hindi n'yo iisiping gagawin iyon ng mga taong nag-aangking mga Cristiano. Ngunit makinig kayo, sinabi ng Biblia, wika ni Jesus, "At mangyayari na papatayin nila kayo, na inaakalang naglilingkod sila sa Diyos." Tandaan ninyo, ang Jesus na nagsabi niyan, sa pamamagitan ng iisang Espiritu, ay nanghulang muli itong magaganap sa huling panahon. Kailangang maganap ito. Kung ang ibang mga ito ay naganap ng ayon sa Kasulatan, masdan n'yo kung hindi ito lumalapat nang tamang-tama sa Kasulatan at sa buong kasaysayan. Sinabi ng Diyos na magaganap ito, narito ang kasaysayan na nagsabi na ito nga'y naganap; sinabi ng Diyos na ito'y magaganap sa panahong ito, at dito nga ito naganap (Kita n'yo?), tamang-tama. Kung gayon ano ang ating gagawin pagdating natin sa kapanahunan ng iglesiang Laodicea (Kita n'yo?), na siyang kinaroroonan natin ngayon, at nabanggit na maparirito ang mga pagka-aba at iba pang mga bagay?

41 Ngayon, nangyari, habang naghihintay ang kaniyang kongregasyon ay nananalangin siya. At may lumapit na isang pulubi at kumatok sa kaniyang pintuan, at binuksan niya ang pintuan (abala siya), at sinabi nito sa kaniyang nangangailangan siya ng damit. Nakahubad siya at walang anumang saplot; malamig noon, at sinabi niyang... Pinapunta niya siya sa punong diyakuno. At nainis sa kaniya ang punong diyakuno at itinaboy siya. At nang mangyari iyon, tumakbo ito pabalik kay Saint Martin upang sabihin sa kaniya na itinaboy siya ng diyakuno. 81 At sa pagkakataong iyon, pumasok muli ang punong diyakuno at sinabihan siya nang may katalasan, "Hinihintay ka na ng kongregasyon mo. Pinaghihintay mo sila." Ngunit siya'y nananalangin. Mas maiging manatili siya sa pananalangin hanggang sa madama niya ang pangunguna ng Diyos upang siya'y lumabas.

42 At bumalik sa pintuan ang pulubing ito. At hinubad ni Saint Martin ang kaniyang magandang damit, at ibinigay sa pulubi, at inutusan ang punong diyakuno na kumuha ng iba at ibigay sa kaniya. Kaya kinailangan niya pa ring kumuha ng damit, at isinuot kay Saint Martin. At isinuot niya ang mas mumurahing damit sa harapan ng mga tao sa halip ng kaniyang magandang damit. 83 Ipinakikita lamang nito na: ibigay n'yo ang pinakamainam n'yo (Kita n'yo?); ibigay n'yo ang buhay n'yo; ibigay n'yo ang oras n'yo; ibigay n'yo ang lahat kay Cristo. At ang Espiritung nanahan kay Cristo ay mananahan sa inyo, at ang impluwensya n'yo sa inyong kapitbahayan at sa mga taong nakakasalamuha n'yo, ay magiging katulad na katulad ng kay Cristo na anupa't gagawin nito kung ano'ng ginawa ni Cristo.

43 Hanggang sa mangyaring maliliman lang ng anino ang mga tao ay nagsisigaling (Tama.), sadyang lubhang makapangyarihan ang pag-ibig na nakalukob sa kanila. At ang sabi nila kapag nangangaral si Saint Martin, matapos siyang lumabas na suot ang mas mumurahin niyang damit, na nakakita ang buong kongregasyon ng isang luningning ng Liwanag na nakapaikot sa kaniya (A-ha. Kita n'yo, kita n'yo?), dahil ginawa niya kung ano ang tama. 85 Lagi n'yong gawin ang tama, ang tungkulin n'yo sa Diyos; mag-isip ng tama, tungkulin n'yo iyan sa inyong sarili; at siguradong mapapa-ayos kayo. Tama, sadyang kailangan n'yo iyong gawin.

44 Ngayon, nais na nating simulan ngayon na talakayin ito sa panuntunan ng pagpapaliwanag ngayong gabi, dahil napakatindi ng pagpapahayag dito. Ngayon, sa anghel ng iglesia sa Pergamo ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas na dalawang... tabak... matalas na tabak na may dalawang talim; 87 Ngayon, nais kong pansinin n'yong ipinakikilala Niyang muli ang Kaniyang Sarili ngayong gabi sa Kaniyang Pagkadiyos. Bawat iglesia'y naghahayag ng isa sa Kaniyang maluwalhating kalagayan: Ang may hawak ng labindalawang bituin, o—o pitong bituin sa Kaniyang kamay, Siya na may matalas na tabak na may dalawang talim" (Kita n'yo?), at iba pa, "Siya na may paang tanso, mga matang tila ningas ng apoy." Ipinakikilala Niyang muli ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang Pagkadiyos. Ngayon, sasabihin mo," Saan napapaloob ang Pagkadiyos dito, 'Siya na may matalas na tabak na may dalawang talim na lumalabas sa Kaniyang bibig.'?"

45 Buweno, ang Tabak ay ang Salita. Mga Hebreo 4, tinalakay natin ito sa pasimula ng tunghayan natin sa kabuuan ang Kaniyang Pagkadiyos. Ang nakita natin ang tabak sa Mga Hebreo 4:12, "Ang Salita ng Diyos ay mas matalas kaysa tabak na may dalawang talim." Tama ba? Iyan ang Salita ng Diyos. Iyan nga ba? Ngayon, masdan n'yo, mayroon kayong... Kunin n'yo ang mga interpretasyong ito. 89 Ngayon, sundan n'yo ang Salitang iyan, San Juan 1, "Nang pasimula (matagal na panahon na) ay ang Salita," na lumikha ng langit at lupa. Tama ba? "At ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Pagkadiyos. At nagkatawang-tao ang Pagkadiyos at nanahan sa ating kalagitnaan." Tama ba? "Nagkatawang tao ang Salita at nanahan sa ating kalagitnaan." 90 At heto Siya't nakatayo rito, yaong Isang nasa pasimula, "Sabihin mo ito sa anghel ng iglesia ng Perga-Pergamo. Sabihin mo ito sa kaniya, Ako ang Salita ng Diyos." Oh, makikita natin Siya doon sa Apokalipsis, na dumarating na ang Kaniyang damit ay winisikan ng Dugo, may putong sa Kaniyang ulo, nakasakay sa kabayong puti, at nakasulat sa Kaniyang hita, "Ang Salita ng Diyos." Oh, gusto ko iyon. Siya ang Salita, ang Salita ng Diyos. Kaya makikita natin ang Pagakadiyos na ito sa pasimula, upang ipakilala ang Kaniyang Sarili, na Siya ang Salita.

46 Ngayon, kung Siya ang buhay na Salita, kung gayo'y bahagi Niya ang naisulat na ito sa Biblia; at kung matsatanggap mo ito sa Kaniya, na walang iba kundi ang Salita, ang Salitang ito na pumapasok sa iyo sa pamamagitan ng pananampalataya ang siyang nagbibigay-buhay Dito, dahil ang... Oh, unawain n'yo Iyon. Pag pumasok sa inyo ang Salita, kung kalakip nito ang Espiritu Santo, nabubuhay Ito, sa sandaling Ito'y makapasok, at ang bawat pangako'y totoo. Walang anumang... "Kaya nga, kung sasabihin mo sa bundok na ito, 'Makilos ka,' at hindi ka mag-aalinlangan sa iyong puso." Dahil ano? Ikaw ay Pagkadiyos na nangungusap. Naniniwala ka ba rito? Sinabi ito ng Biblia. At anumang sabihin mo'y matutupad kung hindi ka mag-aalinlangan, kung maisusuka mo lahat ng ibinunga ng sanlibutan, at pahihintulutan mong gawin kang ganap na anak na lalaki o babae ng Diyos ng Espiritu Santo (wala kamunduhan, walang kahatulan, walang alinlangan). Ano ito kung gayon? Hindi na ikaw ito; kundi ang Diyos na nasa'yo. Kung gayo'y kunin mo ang Kaniyang Salita; isa Itong pangako, at sabihin mo, "Ama, pangako Mo ito." "Satanas..." Tiyak na may kikilos. Kita n'yo, kita n'yo?

47 Ngayon, hindi mo iyon magagawa malibang ipahayag ng Diyos sa iyo kung ano ang mangyayari. Kita n 'yo? At kung malaman mo kung ano'ng mangyayari, kung gayo'y makapagsasalita ka, gaya ni Jesus... Siya ang Salita.

Tama ba? At gayupaman si Jesus, ang Tao, ang Tabernakulo, ay nagsabi, "Wala akong ginagawang anuman malibang ipakita muna sa Akin ng Ama." 93 Kung gayo'y hindi ito Salita malibang maihayag sa iyo. Nakuha n'yo? Hindi nakapagtatakang sinasabi ng mga tao "Tapos na ang mga araw ng himala," hindi hayag ang Salita sa kanila. Hindi nakapagtatakang hindi sila makapanampalataya sa Espiritu Santo; hindi hayag ang Salita sa kanila. Hindi nakapagtatakang hindi nila makita ang kapahayagan ng bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo; hindi pa nahahayag sa kanila ang Salita; at wala silang mapuntahang Kasulatan; walang kang makikitang may nabautismuhan sa ibang paraan.

48 At tungkol sa Espiritu Santo, ang sabi ng Biblia walang makatatawag kay Jesus na Cristo, kundi sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo, at pagkatapos ay sasabihin ng mga taong hindi sila naniniwalang tama ang Espiritu Santo. Kita n'yo? Kita n'yo, hindi ito para sa kanila. Ang sabi ni Jesus, "Walang makalalapit sa Akin malibang dalhin siya muna ng Aking Ama. At ang lahat ng ibinigay (pang-nagdaan) ng Aking Ama ay lalapit sa Akin." O, napakaganda niyan. "Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin. Walang sinuman sa kanila ang mapapahamak liban sa anak ng kapahamakan, at Aking... (Isinilang siya para sa layuning iyon.), at ibabangon ko siya sa mga huling araw." 95 Ay, naku. Diyan naisulat ang mga pangalan natin sa Aklat ng Buhay ng Kordero mula nang itatag ang sanlibutan. Hindi ba't napakaganda niyan. Paano natin magagawang mag-alinlangan?

49 O, Diyos, alisin Mo po ang pag-aalinlangan sa kalagitnaan namin; tuliin Mo po ang makataong puso namin hanggang mawala nang lubos ang pagaalinlangan sa aming kalagitnaan. Iyan ang aking dalangin. Itaboy Mo po lahat ng pag-aalinlangan, Panginoon. Hayaan Mo po kaming makapamuhay nang magiliw, mapagpakumbaba, at lumakad tulad na isang kordero ng Diyos sa ibabaw ng lupa. Palakarin Mo po ako tulad ng paglakad Niya. Pagsalitain Mo po ako tulad ng pagsasalita Niya. Maging tulad nawa ng Kaniyang mga motibo ang aking mga motibo. Nawa'y… Makita nawa ng iba si Jesus sa akin. Itulot Mo pong maiwala ko ang aking sarili at ito'y masumpungan sa Iyo, Panginoon. Iyon lang; itulot mong maiwala ko ang aking sarili at ito'y masumpungan sa Iyo: sadyang lubos na nalulukuban ni Cristo hanggang sa mawalan na ng lugar para sa pag-aalinlangan, kundi sa kung ano lang ang sinasabi Niya. 97 Ngayon, huwag kayong lumabas at magsabi, "Luwalhati sa Diyos. Alleluia. Purihin ang Diyos. Nakikita n'yo ba kung anong kaya kong gawin? Luwalhati sa Diyos." Wala pa ito sa'yo. Hindi ganu'n ang ginawa Niya,

hindi: pinauusli ang kaniyang dibdib at nagsasabing, "Nakikita n'yo kung anong kaya kong gawin? Siya nga. Ako ang Anak." Hindi. Hindi Siya umako ng kapurihan sa anumang bagay; ibinigay Niya ito sa Diyos; lumakad siya nang may pagpapakumbaba at magiliw na taglay ang isang kapaligiran na sadyang gustung-gusto ng mga taong mapalapit sa Kaniya. Ngayon, tanging ang mga kaaway lang Niya ang... At minahal Niya sila nang sapat anupa't ipinapanalangin Niya sila sa tuwina, sa lahat ng oras. At iyon ang inyong Halimbawa, ang aking Halimbawa, na ating gawin sa iba kung ano'ng ginawa Niya sa atin.

50 Ngayon, gusto nating pansining muli rito sa ika-2 talata, at iyan ang magiging ika-13... Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at—at kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga'y... sa luklukan ni Satanas... at iniingatan mong matibay ang aking pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya... 99 Kita n'yo, namumuhay sila kung saan nakaluklok si Satanas, at gayunpamay iniingatan pa rin nila ang Pangalan ni Jesus. Kita n'yo? "At hindi ikinaila ang Aking pananampalataya…" Anong uri ng pananampalataya ang ibinigay Niya sa kanila? Pananampalatayang Pentecostal, na nasa pasimula. Mayroon sila roong pananampalatayang Nicolaitanes, isang organisasyon ng iglesia at iba pang kanilang itinatatag, isang iglesiang lumitaw sa ilalim ng organisasyon; ngunit sinabi Niya, "Nilayuan n'yo iyon; kainapootan n'yo iyon, at ganun din naman Ako. At hindi n'yo ikinaila ang Aking Pangalan; hindi kayo humabol sa mga kulto nila at iba pa; hindi kayo lumihis sa Aking Pangalan. At taglay n'yo pa rin ang Aking pananampalataya tulad nung pasimula." O, gusto ko iyon. ... hindi ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni... (Sa wari ko'y binibigkas n'yo yan na A-n-t-i-p-s)… Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas.

51 Hihinto ako riyan sandali. "Luklukan ni Satanas." Nais nating medyo magsanay sa mga bagay na ito; gusto kong masapo n'yo ito. Tiyakin n'yong magagawa n'yo nga ngayon. "Luklukan ni Satanas…" Ngayon, sinabi ng Diyos sa Genesis kung saan tumatahan si Satanas, at iyon ay sa Babilonia. Dati nang iyon ang luklukan ni Satanas, at dito sa Apocalipsis ay iyon pa rin. Ngunit kung mapapansin n'yo, binago ng Babilonia ang sarili nito mula sa pagiging pagano tungo sa pagiging makapapa. 101 At ngayon nung unang mga taon, o bago ito nangyari (mga ilang taon), itinatag ng luklukan ni Satanas ang dakilang... Sa palagay ko'y tatawagin n'yo siyang unang haring-saserdote ng mga Chaldeo. Inilipat ng herarkiya ng

Babilonia ang kaniyang luklukan nung panahong tinutugis siya ng mga tagaPersia, at nilisan niya ang Babilonia. Ang pangalan niya'y A-t-t-a-l-u-s, Attalus, ang dakilang haring-saserdote ng Babilonia. Nang dumating ang mga taga-Persia at kasalukuyang kinukubkob ang Babilonia, nagtakbuhan ang mga Chaldeo, si Attalus, na kanilang haring-saserdote ay tumakas at dinala ang kaniyang luklukan sa Pergamo. "Sa luklukan ni Satanas ka tumatahan." Nakuha n'yo?

52 Ngayon, kaya ako bumalik sa kasaysayan ng iglesia upang kunin ang kasaysayang ito, sa aking pagsasaliksik ng kung anong naganap nang sabihin Niyang, "Tumatahan ka sa luklukan ni Satanas." 103 Inisip ko, "Buweno, saan kaya iyon, isang bagay, luklukan ni Satanas?" At natuklasan kong ang dakilang haring ito, matapos siyang tumakas sa nanakop na mga manlulupig na taga-Persia (ayon sa pangitain ni Daniel), nakarating siya sa siyudad ng Pergamo, sa Roma, at doon ay gumawa ng kaniyang himpilan. Inilipat ni Satanas ang kaniyang himpilan mula sa Babilonia patungo sa Pergamo, kung saan (sa hinaharap) sisimulan niya ang bagong Babilonia. Ay, naku. Ngayon, nakuha n'yo ang background ng tinatalakay natin. Tama. 104 Ngayon, doon niya minartir ang kahanga-hangang kapatid na ito, na si Antipas.

53 Sa pagbabago niya ng kaniyang pamamaraan... Sa simula'y taga-usig siya ng mga Cristiano. Oh, ganun na lamang ang kaniyang pagkamuhi sa Cristianismo. At isa siyang saserdoteng-hari, katutubong hiteno, at siyempre nung panahong iyon ay binago niya ang kaniyang gawi at nakipagbuklod siya kay Constantine. 106 Noon pa man ay itinuturing na si Constantine (at gayundin ng pagka-papa ngayon) na pasimuno ng Knights of Columbus, ang nagbigay ng madugong sumpang iyon. Ngunit si Constantine (sinasabi ko ito ng may pag-galang at respeto.), sa pagkabasa ko sa kasaysayan, ay hindi kailanman naging Cristiano.

54 Ngayon, nanaginip siya isang gabi, na kung kaniyang... Nakakita siya ng isang krus, at sinabing sa pamamagitan nito'y mananalo siya sa digmaan; at dahil doo'y nangako siya ng mga tulong sa mga

Cristiano, at siya'y aanib sa kanila kung ipapanalangin nila siya na manalo sa digmaan. At tumayo ako sa tabi ng tulay, kung saan sa kabilang panig nito, sa kaniyang pagkatulog ay napanaginipan niya ang panaginip na ito, at pagbangon ay nagpintura ng puting krus sa mga kalasag niya at ng kaniyang mga mandirigma. At doon nabuo ang Knight's of Columbus na nasa ilalim ng pamamahala ng Romano Catolico. Ngunit wala siyang ginawang anumang bagay na makadiyos; ang

tanging bagay na ginawa niya na nasulat sa kasaysayan, sa nakita ko, ay naglagay siya ng krus sa tuktok ng simbahan ng Saint Sophia. (Uh.) Ngunit isa siyang pulitiko, at nang siya pa ang emperador ng Roma ng panahong iyon, siya at ang paganong paring ito ay nagsanib at inihatid nila ang mala-hiningang iglesiang tinatawag na Nicolaita sa panahong iyon (Cristianismong makapari), at hinangad nilang maipasok ito sa iglesia. At natalakay na natin iyon sa mga paunang pag-aaral tungkol sa iglesia ng Efeso, at iba pa, at ng Smirna, ang mga Nicolaitanes…

55 Ngayon, ang mga Nicolaitanes ay naging isang—hindi isang gawa tulad dito sa pasimula, ngunit dito'y isa na itong doktrina. Dito'y mga gawa ito; nagsisikap pa lamang silang makapasok; ngunit dito sa ikatlong kapanahunan ng iglesia ito'y naging isang doktrina na: mga punong saserdote, mga dakilang kalalakihan; hindi pa sila tinatawag na mga papa noon; ngunit tinatawag silang tulad ng, arsobispo, mga dakilang kalalakihan, alam n'yo na, mga tanyag. At ang doktrina nila'y pormal. 109 Nahihiwalay na sila sa iglesiang puspos ng Espiritu at pinangungunahan ng Espiritu Santo. Hinayaan nilang mapasama ang mga ito sa minorya at tinawag silang mga erehe, dahil ayaw nilang sumang-ayon sa kanila na magkaroon ng mga dakilang denominasyon na ito. Ngunit nais ng iglesiang manatiling malaya sa ilalim ng pamamahala at kapangyarihan ng Espiritu Santo tulad ng ipinangako ni Cristo sa kanila na Siya'y sasa-kanila, at iyon ang kanilang Hari (Oh.), ang kanilang Hari.

56 Hindi nagbago ng gawi ang tunay na iglesia, ayaw nitong mapamunuan ng isang lupon ng—ng... Hindi ko alam kung ano na ang tawag ninyo sa kanila ngayon. Sila'y mga kardinal, mga obispo, at mga papa, mga hindi nagkakamali. Naniniwala tayong may Isang di-nagkakamali; Siya ang ating Hari; Siya'y si Jesus Cristo na kasama natin ngayon sa anyo ng Espiritu Santo: Ang Diyos na tumatahan sa atin, nananahan sa ating kalagitnaan, nangunguna at gumagabay sa atin tungo sa tubig ng Buhay, nagpapahayag ng Kaniyang Sarili; ipinakikita, tulad ng ginawa Niya sa kalagitnaan ng mga naunang banal at mga martir, na Siya ang Panginoong Diyos na manalilikha, nagpapagaling ng maysakit, nagbabangon ng patay, nagpapakita ng mga pangitain, nagpapalayas ng mga diablo.

57 Minsan man ay di ako nakabasa ng anumang bagay, tungkol sa lahat ng mga obispo ng iglesiang Nicolaitanes na nagtatag ng herarkiya ng Roma, sa papa... Minsan man ay di naitala na may sinuman sa mga obispong iyon na bumuhay ng patay, o anumang tulad niyon, dahil si Cristo, ang Pagkabuhay na muli, ay wala sa kanilang mga puso. Nagsanib sila at lumihis para sa isang denominasyon, ipinagbili ang kanilang pagkapanganay. Ngunit taglay ng

iglesia ng buhay na Diyos ang kapangyarihan ni Cristo. Nandoon sa isang iglesia ang mga matataas na pinuno; ngunit nanatili sa Espiritu ang tunay na iglesia. Nauunawaan n'yo ba? Mabuti.

58 Ngayon, itong... Kaya si Constantine, upang patatatagin ang kaniyang emperyo, ganito ang ginawa niya. Tinanggap niya ang mga Nicolaitanes, at nagpunta siya sa kanila (at isa itong anyo ng Cristianismo). Nauunawaan n'yo ba ng malinaw? Mga Cristiano sila, mga nag-aangking mga Cristiano na walang Espiritu Santo. O, nawa'y bumaon ito upang hindi n'yo na mapaalpas. Kita n'yo? Mga Cristiano sila, mga Cristianong makadenominasyon na walang Espiritu Santo. Mga Cristiano sila sa bansag; mga Cristiano sila sa kanilang pagtitipon; nagkomunyon sila; tumupad sa mga patakaran, ngunit tumanggi sa pamumuno ng Espiritu Santo. Wala silang mga tanda at mga kababalaghan sa kanilang kalagitnaan; ang sabi nila lumipas na ang mga bagay na iyon, na kinailangan nilang magtatag ng iglesia para sa isang paghahari. Tatalakayin natin iyan sa isang sandali, kung ano bang uri ng paghahari ito. Kita n'yo?

59 Ngayon, kinailangang lumayo ng iglesia ng Espiritu Santo sa mga gayong bagay. Ngunit sa Pergamo, ang lahat ay ipinangusap sa anghel ng iglesia ng Pergamo. Kita n'yo, dahil responsibilidad niyang gampanan ito. 114 Ngunit hindi interesado si Constantine sa Cristianismo; nais niyang dalhin ang kaniyang mga paganong ninuno, ang kaniyang paganong iglesia... At ang Laodicea na nag-ugat at—o ang Nicolaitanes na nag-ugat at naitatag sa Roma at nakapagpasikat, at marami sa mga tao ay mananampalatayang Cristiano (sa turing), pormal... At ang tunay na igleisa ay nasa minorya, lagi nang ganito dati pa. Maghihintay lang ako ng sandali, hayaan n'yong bumaon ito nang husto. Kita n'yo? 115 Tandaan, sa tuwina ang tunay na iglesia'y ang maliit na grupo na itinaboy mula sa ibang mga iglesia. Hindi kailanaman na-organisa ang tunay na iglesia, dahil hindi ito isang organismo; mistikal na Katawan ito ni Jesus Cristo na nabubuhay sa ibabaw ng lupa, kinikilusan ng Espiritu Santo ang mga miyembro nito. Kaya hindi mo maaaring organisahin si Cristo, hindi pupuwede. Gusto kong panghawakan n'yo iyan para sa kapanahunan ng Laodicea, ha. At pakatandaan n'yo iyan at ingatan, dahil bawat Salitang ipinangungusap ko ay nasa tape na ito.

60 At ngayon, alalahanin, lagi n'yong pakatatandaan: Ang tunay na iglesia ng Diyos ay hindi kailanman

inorganisa. Ang iglesiang Catolico ang unang nakilalang organisasyon sa mundo, hindi pa nagkaroon ng organisasyon bago iyon, at ito nga ang inang iglesia tulad ng sinasabi ng mga Catolico. Ito ang

inang iglesia, ina ng mga makaorganisasyong iglesia. Sinasabi ng Bibliang gayon nga siya, kaya hindi mo iyan mapamamalian. Kapag sinabi nilang iyan ang inang iglesia, ito nga ang inang iglesia. Nailarawan siya sa Apokalipsis 17; tuwiran natin siyang tatalakayin. Tama.

61 Kaya si Constantine, habang pinag-iisipang palakasin ang kaniyang emperyo (tulad ng dati nang ginagawa ng Roma, upang makontrol ang mundo), kailangan niyang dalhin ang mga paganong ideya niya at kunin ang mga ideyang Cristiano, at sa kung anong kaparaana'y paglahukin ang mga ito, at mapagsanib upang makapagtatag siya ng emperyong walang katumbas. Kita n'yo? Dahil siya'y... Dahil do'n siya sa pagkakataong iyon ang magiging pinakadakilang pinuno sa buong mundo: si Constantine. 118 Kung pagtanggap sa Cristianismo ang pag-uusapan, isa siyang—isa siyang pulitiko, ngunit hindi isang santo ng Diyos, tulad ng sinasabi ng iba. Hindi siya gayon. Wala siyang isa mang bagay na nagawa na may himig ng Cristianismo para sa akin. Kaya naglagay siya ng krus sa isa sa mga iglesia ng Nicolaitanes; ngunit tungkol sa iba pang bagay na ginawa niya na mukhang Cristianismo, wala akong nakita; maliban sa ginawa niyang pagpintura ng krus sa kaniyang mga kalasag nung siya'y managinip; na ipinanalangin siya ng mga Cristiano na magwagi sa digmaan. 119 Ngayon, magpapalakas kasi iyon sa kaniyang emperyo. At upang magawa niya ito, dinala niya ang mga paganong seremonya sa Cristianong iglesiang Nocolaitanes. Tatawagin ko iyong pormal na iglesiang makadenominasyon na nagsisimula nang mabuo. Nagdala siya ng mga paganong seremonya sa iglesiang Nicolaitanes, at iyon ang kapanganakan ng Catolisismo.

62 Ngayon, kapatid, sinisipi ko ang kasaysayan. Libu-libo ang mga kaibigan kong Catolico, at mga kaibigan ko rin sila tulad ng mga Protestante. Ngunit hindi makapagbubunyi ang mga Protestante; hintayin n'yong lang na matapos ang gabing ito. Kita n'yo, kita n'yo? Makikita n'yong ganu'n din ang kanilang ginawa. Hindi maaaring sabihin ng palayok na mauling ang takuri (Kita n'yo?), dahil pareho lang sila; iisang espiritu ang nakapasok sa kalagitnaan nila. At makikita n'yo kung bakit lagi kong kinukundena ang bagay na iyan. Dahil ito'y mali. Ang Espiritung nasa akin, kapag... sinisikap ko, at may kung anong sumisigaw sa aking kalooban; hindi ako ako makapanahimik tungkol dito, sa tuwina, dahil...

63 Sinabihan ako ng mga dakilang tao, mga dakilang pinuno ng relihiyon, "Sisirain mo ang iyong ministeryo. Brother Branham, gumagawa ka ng mga bagay na" anila, "di mo dapat pakialaman. Tinawag ka ng Diyos na manalangin para sa maysakit."

Tinawag ako ng Diyos upang gumanap ng higit kaysa sa manalangin sa maysakit. Isang bagay lang ang mga may sakit upang makuha ko ang pansin ng mga tao; iyon lang. Hindi lubhang mahalaga ang pananalangin sa maysakit. Kita n'yo? Ang mensahe ang pinag-uusapan natin. Ang mga bagay na iyon ay magbabalik; ang sakit, ang isang taong maysakit, maaaring gumaling ang isang tao at pagkatapos ay mamatay pa rin. Ngunit ang isang taong ipinanganak ng Espiritu ng Diyos ay may Buhay na Walang Hanggan. Kaya't hindi basta't lumilibot ang Diyos upang magpagaling ng maysakit tulad niyan. Ang kaloob na iyan ay nasa iglesia para sa lokal na katawan; isa, at iba pa, at pagkatapos ang iba pa, at iba pa, pagkatapos iba pa ulit. Kita n'yo? Ang mga kaloob ay sadyang dumadaloy sa iglesia. Ngunit higit ito kaysa riyan, at umaaasa akong nasapo n'yo. Tama.

64 Ang kapanganakan ng Catolisismo… Para magawa ito, upang makuha ang atensyon ng mga Cristiano at ng mga pagano, upang mapagsanib sila at makapagtatag ng isang iglesia... 124 O, sana'y nasa akin ngayon ang isang papel na inilapag dito ng kung sino noong isang gabi. Dadalhin ko sana, ngunit nalimutan ko; napakaraming nakalapag doon sa silid. Ganu'n din ang ginagawa nila ngayon, at sinimulan n'yo ito nang ihalal n'yo ang huling lalaking inihalal n'yo. Nagtatrabaho sila ngayon upang makakita ng isang Bibliang hindi makasasakit sa Catolico, o sa Judio, o maging sa Protestante. Gagawa sila ng isang Biblia na aakma sa lahat ng ito. Hindi n'yo ba nakikita ang katusuhan ng panibagong Constantine? Nauulit lamang ang kasaysayan. Ngayon, nakikita n'yo ba, nasa akin ang… Narinig n'yong binabasa ko iyon noong isang gabi, hindi ba? At nasa bahay ko iyon, at matagal na nila iyong tinatrabaho.

65 Ngayon, ang sabi nila sa '62 ay kanilang… At pansinin n'yo na nangako si Pope John XXII—sinabihan ang mga maliliit na anak na iglesia na bumalik na sa inang iglesia. Huwag kayong mag-alala, gagawin niya iyon. Gagawin nila iyon. Gagawin niya. Nakabalik na sila. Hindi na nila kailangang bumalik; naroon na sila ngayon. 126 Gaya ng sinasabi ko, "Sinabi ng bansang ito, 'Buweno, kapag nahalal si Ginoong Kennedy, mananaig ang mga Catoliko." Mananaig? Matagal na nilang nagawa ito at wala kayong kamalay-malay tungkol dito. Sinong nagpapasuweldo sa mga guro nila? Papaano nilang nadala ang mga bagay na ito sa kanilang mga iskuwelahan, at magturo ng Catolisismo sa iskuwelahan mismo? At kayong mga nagbubuwis ang nagbabayad nito. O, napaglalalangan kayo (Kita n'yo?), nang ganu'n. Ay naku, ganu'n siya nakapasok. Ang sabi ng Biblia na mananakop siya sa pamamagitan ng mga mapandayang papuri, at ginawa niya nga. Kita n'yo? Tama iyon. Kita n'yo,

nagbabayad tayo ng buwis sa walang katuturang bagay. Kaya, oh, napakaraming maaaring masabi

rito. Kakailanganin kong tumigil sa mga bandang iyan, at balikan na lang muli upang matalakay.

66 Upang mapagana ang bagay na ito, nagpasimula si Constantine ng maraming makamundong libangan upang matawag ang pansin kapuwa ng mga pagano at mga Cristiano sa loob ng iglesia. Espirituwal ba ang kaisipan ninyo? Nag-iisip ba kayo? Hindi ba't iyan ang mensahe ng panahon? Ang iglesia'y may mga bunco games, mga party, nagpapapremyo ng mga kotse, upang mapagsama-sama lamang sila, pinagsasanib na muli ang kapangyarihang iyon hanggang sa sila'y makakuha ng isang kapansin-pansing dako. Dito mismo sa … 128 Ngayon, kasaysayan iyan, walang naghahayag ng galit dito; sinisipi lang nila kung ano'ng nangyari. Ngunit ganu'n nga ang ginawa niya: pinasanib niya ang iglesia sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga makamundong libangan upang mapagsama-sama ang iglesiang Nicolaitanes. Ngayon, tandaan, hindi niya kayang galawin ang iglesiang ipinanganak na muli, hindi po, hindi isa man sa kanila. Ngunit nalinlang nito ang pormal na iglesiang Nicolaitanes.

67 At anong mayroon tayo sa ating mga iglesiang Protestante? Mga soupsupper, mga libangan, skating (ay, naku), pagbebenta ng basahan, at lahat na. Kita n'yo? Ngayon, alam n'yong totoo iyan. Kaya ngayon, kung iya'y Salita ng Diyos, mga kaibigan, iyan ang katotohanan. At may sala ang lahat ng iglesiang Protestante. Kita n'yo? 130 Ngayon, hindi kailanman plano ng Diyos na magkaroon ng mga soup supper at mga sayawan sa silong ng iglesia, at lahat ng mga ginagawa nila upang bayaran ang pastor at iba pa. Kung naturuan lang magbayad ng ikapu ang mga tao, magiging sapat na iyon. Iyan ang plano ng Diyos. May plano ang Diyos, ngunit gusto ng taong gumawa ng sarili niyang plano, at hinahaluan ang plano ng Diyos. Tama.

68 Ngayon, para magawa ito nagsanib sila at binuo ang unang iglesiang Catolico. At sa unang tanyag na Nicene Council... Nang mabasa ko iyon, sadyang napaluhod ako. Naganap ang tanyag na Nicene Council noong A.D. 325; lahat sila'y napagsama-sama; ang mga obispo at mga ama ng pananampalatayang Cristiano ay napagsama-sama sa Nicaea. Iyan ang dahilan kaya tinawag itong Nicaea Council, noong A.D. 325. At mga sanlibo't limangdaang delegado ang dumating sa kumbensyon, o sa konseho, mga sanlibo't limang daang delegado, at hinigitan sa bilang ng karaniwang tao ang mga obispo nang lima kada isa sa delegasyon; ganunpaman, sa pamamagitan ng mga Nicolaitanes (ang malalamig na pormal) at ng planong pulitikal ni

Constantine, tinalo nila sa botohan ang tunay na iglesia, at nagwagi sila, at nagtalaga ng mga obispo bilang isang banal na orden ng mga tao; inalis ang Espiritu Santo sa pagpupulong, at iniatang ito sa mga obispo, mga kardinal, at mga papa, at iba pa.

69 Ganu'n ding kabaluktutan ang ginamit ng partidong Democrat nitong nakaraang… Ngayon, tama iyon. Ngayon, hindi tayo... Ako'y... At ang mga Republican ay nagpakababa na rin nang gayon. Ngunit ang sinasabi ko ay tungkol sa isang bagay na napatunayan nila (ni Edgar Hoover) sa California at sa marami pang ibang mga lugar: isinaayos nila mga makinang iyon na kapag bumoto ka kay Ginoong Nixon; maiboboto mo rin si Kennedy kasabay no'n. Wala siyang kalaban-laban. Buweno, ngayong napatunayan nilang mali iyon, bakit hindi nila ito maaksyunan? Nabubuhay tayo sa panahong iyon; ganu'n na nga. Nasa panahon na tayo ng wakas. Alam nila ito; pinatunayan nilang sila'y mga liko, at ngayo'y ayaw nila itong aksyunan.

70 Isang likong pangkat ang may kagagawan niyon dati, at narito muli ang pagsilang nito, upang mapapasok ang isang tao, upang maihatid ang isang doktrina: doktrina ng Nicolaitanes, na dating mga gawa lamang, ngayo'y naging isang doktrina na. Mga gawa ito sa panahon ni Al Smith, ngunit doktrina na ito ngayon. A-ha, a-ha. Ngayon, narito na ito; nasa atin na. "O, magiging mahusay na presidente siya," walang duda sa isip ko; tunay nga, at para sa susunod na termino, hanggang sa maipagsanib na niya, magawa na niyang pagsanibin ang mga paganong ito at ang mga pormal na Cristiano. 134 Tinatrabaho nila ang mga Biblia upang mapagsama ang mga papa, at mga kardinal. Ang arsobispo ng Inglatera, ang arsobispo ng Canterbury, nagkita na kami, nakamayan, nakausap, noong nasa Inglatera ako; naka-leggings siya hanggang sa may balakang, at (oh) isang taong kakatuwa ang bihis. Ngunit bumisita siya sa papa, unang pagkukumustahan nila sa loob ng daan-daang taon. Ano ito? Nasa huling panahon na tayo.

71 Kaya dito ako nakatayo ngayong gabi sa halip na sa kung saang entablado na nangangaral at nanalangin para sa mga maysakit. At hindi ko sila makatatagpong lahat sa entablado (at ulit-ulitin ang mga mensaheng ito), kaya inilalagay natin ito sa tape at ipinadadala sa buong mundo, upang sila'y bigyang babala at makabalik sa pananampalataya. 136 Maging sa dulo ng kapanahunang Cristiano, ang Judas ay naisulat bago ang Aklat ng Apokalipsis; si Saint Jude, na ipinapalagay na kapatid (kinakapatid na lalaki) ni Jesus, ay nagsabi, "Nais kong makipaglaban kayong masikap para sa pananampalataya na ibinigay na minsan sa mga banal."

Nagsimula silang mapalayo rito matapos ang kamatayan ng Panginoong Jesus. At ngayon gaano na ito kalayo sa gabing ito? Kita n'yo?

72 Ngayon, itong unang Nicene Council, ay ginanap noong A.D. 330—325. Mga sanlibo't limang daang

delegado at mga obispo ang dumalo sa pagpupulong na ito, ngunit nadaig nila sila sa maulap, at magulong konsehong ito. At namayani sila at inihalal ang mga Nicolaitanes upang mamuno; at dahil do'n ay ipasasakop ang lahat ng iglesia sa ilalim ng pamamahala ng mga papa, o—o ng mga obispo, o ng kung anuman; kinuha ang kapangyarihan mula sa iglesia at ibigay sa mga obispo, upang ang mga obispo na ang mamuno sa iglesia at magkaroon ng tanging tinig. 138 Napansin n'yo ba sa mga iglesiang Catolico sa araw na ito? Hindi kayo maaaring magbasa ng Biblia, hindi n'yo ito maaaring ipaliwanag. Ang mga obispo lamang. Kita n'yo na kung saan ito nanggaling? Ngayon, makikita n'yo kung ano ba talaga ang mga Nicolaitanes bago ito magsimulang lumaganap. Doon ito mismo ipinanganak. Totoo iyan. At isa itong anyo ng Cristianismo: hanggang ngayon. 139 At tinularan ito ng mga Protestante. Ang Biblia, sa Apokalipsis 17, ay nangusap tungkol sa ina at mga anak na babae. Matatalakay natin iyan mayamaya, kung loloobin ng Panginoon. Ngayon, mapapansin n'yong ganiyan rin ngayon; namayani sila. Ngayon, ginamit ni Constantine ang istratehiya ni Balaam.

73 Ngayon, gusto kong sikapin n'yong makinig nang maigi sa abot ng inyong makakaya. Ngayon, sinabi Niya rito sa Biblia, "Ingatan mong matibay ang Aking pananampalataya." Ngayon. ... mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagkat mayroon ka... sapagkat mayroon ka diyang ilan… (Hindi naririto, kundi naroroon; mayroon sila, "mayroon ka ng mga ganito sa iglesia ng Pergamo." Kita n'yo?)... na nanghahawak sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid. 141 Ngayon, gumamit ng kaparehong istratehiya si Constantine na ginamit ni Balaam. Nagkaroon sila ng pagpupulong matapos ang pulong ng konseho kung saan ginawang pinuno ng mga iglesia ang mga obispo, at iba pa, upang mamahala, at alisin lahat ng kapangyarihan mula sa karaniwang mananampalataya. At tinanggalan sila ng karapatang mag-isip sa kanilang sarili, o magpaliwanag ng mga Kasulatans. Ang mga pari lamang ang dapat magpaliwanag ng mga Kasulatan.

74 Sa katapus-tapusan, nang maglaon, gumawa na sila ng punong pari, at ng isang bikaryo, na walang iba kundi ang papa. Ngunit ngayo'y humantong na sila sa paglalagak ng lahat ng pagkaunawa sa pari lamang, at hindi na kailangang magbasa ng Biblia ang kongregasyon; wala na silang dapat gawin; at, sa totoo lang, inilayo ang Biblia sa kanila. At ngayo, tinanggap nila ang lahat ng ito at napagbotohan dahil mukhang maganda. 143 Mukhang maganda dahil mayayaman sila, at lahat na, at binigyan niya ang... Sa dakilang pulong na ito, nang sila'y ipatawag niya, binigyan ni Constantine ng magagandang gusali ang mga obispo; maraming siyang hawak na salapi at lahat ng malalaking dako, gaya ng mga gusali, ay ibinigay niya sa iglesia, upang magamit nila bilang mga bahay-panambahan. O, magagandang gusali ang mga iyon, napapalamutian, at iba pa, kaya ibinigay niya sa iglesia.

75 Bukod doon, binihisan niya ang mga obispong ito ng magagarang kasuotan, at ng mga nagwas at mga pang-ilalim. At bukod pa roon, pinasampa niya sila sa—o nagtayo siya ng isang mataas na dakong tulad nito, at inilagay sila roong parang diyos-diyosan. At sa ibaba nila'y gumawa siya ng mga marmol na altar. At ginawa niyang lahat ang pagbabagong ito mula sa paganong ideya at paglalahok dito ng Cristianismo sa pagtanggap sa kanilang mga obispo. Kita n'yo, inalis lang nila ang mga diyos-diyosan at ipinalit ang obispo (Kita n'yo?), ipinagtayo siya ng altar, ganun din, at ginawa siyang isang diyos. Itinayo niya ang obispo, siya lang ang may tinig, binihisan siya at ginawang parang isang diyos. Sa halip na bihisan siyang tulad ng mga paganong diyos-diyosan, sinuotan siya ng damit tulad ng suot ni Jesus. Kita n'yo? At ginawa nila siyang mukhang diyos-diyosan na nakapuwesto roon. 145 O, makikinikinita n'yo kung papaanong sinabi ng mga pagano, "Buweno, makakasang-ayon ako diyan; mayroon nang maaaring sumagot sa amin. Matagal na kaming nangungusap sa isang diyos-diyosan, ngunit ang lalaking ito maaaring sumagot sa amin."

76 Ganito ang inisip ng mga Cristiano, "Buweno, ayos lang iyon. Ngayon, magagawa na natin anumang gusto natin, dahil nariyan ang diyos natin. Maaari tayong… Makakausap natin siya; masasagot niya tayo kung anong dapat nating gawin. Kapag nagkasala tayo, sasabihin natin sa kaniya, bibigyan natin siya ng munting bagay, at kaunting—magnonobena tayo nang kaunti, o anuman; at kamukat-mukat natin, ayos na tayo, at makalalabas na tayo at magiging malaya na naman ang ating pakiramadam. Hindi na natin kailangang mag-alala tungkol sa anuman. 147 Oh, ang gandang tignan niyon, talaga. Maganda pa rin sa karnal na pagiisip, ngunit hindi mo iyan maipalululon sa isang isinilang na muling anak ng Diyos. Hindi nila nagawang...?... dahil kilala niya kung sino ang kaniyang

sinampalatayanan at lubos na naniniwalang mapagiingatan Niya ang kaniyang ipinagkatiwala sa Kaniya hanggang sa araw na yaon. At nililimot ang mga bagay na nasa likuran, nagtutumulin tayo sa hangganan ng dakilang pagkatawag kay Cristo. Amen. Oh, lubos akong nagpapasalamat.

77 May marmol na altar sa ilalim niya, at nakapuwesto siya roon sa itaas, bihis na bihis, isang magandang iglesia... Ay naku, inayos sila nang husto. Tama. At nababalutan ang altar na ito, ang marmol na altar, napakaganda (Dapat ay makita n'yo, gayon pa rin ito.), nababalutan ng ginto, at napapalamutian ng mahahalagang bato, may mga hiyas sa altar na ito: napakaganda. Bagay na bagay ito sa mga Nicolaitanes at sa mga pagano. Nakita n'yo ang ginawa n'ya? Kinuha niya ang mga paganong seremonya, ang mga paganong ideya, at kinuha rin niya ang mga Cristiano, ang mga malalamig at pormal

na walang alam na mas mabuti, walang Espiritu Santo upang pangunahan sila sa iba; at ginawan niya sila ng diyos dito sa lupa, ginawan sila ng altar, at ng isang diyos upang pumuwesto roo at magpatawad ng kanilang mga kasalanan. Mga espirituwal ba kayo? Nauunawaan n'yo ba ang ibig kong sabihin? Nakikita n'yo ba kung ano iyon? Isang pagpapatawad na nagpapalampas ng kasalanan dito sa mundo. Hindi ko ito sinisipi mula sa aking kaisipan; iyan ang kasaysayan. Binibigyan ko kayo ng pahina at bilang ng sagradong kasaysayan, gaya ng kaya kong ikuwento ang tungkol kay George Washington, Abraham Lincoln, ang Digmaan sa Gettysburg, at iba pa. Tama, lahat ng mga bagay na sinisipi ko rito'y nasa kasaysayan.

78 Ngayon, ito'y bagay na bagay sa... Hindi sa isinilang na muling iglesiang ito, hindi po. Buweno, nang maglagay sila ng lalaki doon, upang maging punong obispo, upang bumigkas ng mga seremonya, siyempre pa naitaboy nila ang mga Full Gospel. Ganu'n pa rin sa araw na ito. Ang mga kapanahunang iyon ay naghatiran lamang, nagsanib ang mga ito (Kita n'yo?), ibang anyo, sa ibang panahon. O, nang maglagay sila ng matataas na tao roon tulad sa isang diyos, at may ilang mga seremonya siyang sasambitin... 150 At pansinin n'yo na ang mga pagano ay nananalangin sa mga namatay nilang ninuno. At ang isang Protestanteng iglesia na tatayo at magsasabi, "Nananampalataya ako sa banal na Romano Catolico at sa komunyon ng mga banal..." Kayong mga Methodist, mahiya kayo, mga Presbyterian, at mga Lutheran. Anumang pakikipag-ugnayan sa patay ay espirituwalismo. Tama. Ngunit ngayon, hindi mapagtatawanan ng Protestante ang Catolico; ganu'n din kasi ang ginagawa niya, sapat ang pangungumpisal nito na ganu'n din ang paniwala nito: nagbalik kayong muli sa iglesiang Catolico sa pamamagitan ng kaniyang bautismo sa tubig, tinatanggihan, at pinagtatawanan ang mga taong

nagsisikap mamuhay nang tama; magsisimba at makakakita ng mga taong sumisigaw sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos, at paglabas ay pagtatawanan ito. Lahat ng iyon...

79 Kita n'yo, hindi namamatay ang mga espiritu; namamatay ang mga tao, ngunit hindi ang mga espiritu. Kita n'yo? Ang Espiritu Santo, hindi Ito maaaring mamatay. Iyon ay dating nakay Jesus; ngayo'y nasa Kaniya nang iglesia, mananatili hanggang sa dumating Siya para sa Kaniyang iglesia, dahil bahagi Niya Ito. Kita n'yo? Ang mga mang-uusig na'yun, pinagtawanan nila sila nung panahong iyon; nandito pa rin sila at nabubuhay hanggang ngayon. Inaalis ng Diyos sa lupa ang Kaniyang lingkod ngunit hindi ang Espiritu Niya. Inaalis ng diablo sa lupa ang tao niya ngunit hindi ang espiritu. 152 Ang mga paring iyon na nag-apruba ng kamatayan ni Jesus, na nagsabing isa Siyang manghuhula, o isang diablo, napaka-relihiyoso nila. Tama. Alam nila kada letra ng Kasulatan, ngunit hindi nila alam ang tunay na interpretasyon Nito. Mayroon silang sariling ideya, at ayaw nilang makinig sa iba. At nakita nila Siya at nalamang… Papaano nilang hindi nakita na natupad ni Jesus ang lahat ng sinabi ng bawat propeta tungkol sa Kaniya? Ngunit bulag sila. At sinabi ng Diyos na binulag Niya ang kanilang mga mata para sa isang layunin, na tayo ay magkaroon ng pagkakataong maligtas.

80 Ngayon, inihulang muli ng Biblia na Kaniyang—na tayo sa kapanahunang Pentecostal na ito, ay magiging hubad, aba, bulag, at hindi natin nalalaman. Hayan ang kalagayan ng iglesia, Filadelfia. O, kayong mga pormal na Baptist, mga Presbyterian, at mga Pentecostal… Kita n'yo, hayan na nga kayo. Minsan hindi kayong naririto ang tinutukoy ko; nasa tape ako (Kita n'yo?), at alam ko kung saan ito makararating. Kita n'yo? Magsisi kayo. Bumalik kayo sa Biblia. Bumalik kayo kay Cristo.

81 Tama, ngunit iyan ang nangyari, naitulak palabas ang Full Gospel. Naitaboy ang mga tanda at kababalaghan sa iglesia, at nang maihiwalay ang grupong may Espiritu Santo sa iba, itinanggi na nilang may panahong tulad niyon. At ito'y noong… At ganu'n pa rin ang ginagawa nila hanggang sa araw na ito. Tamang-tama. Hindi n'yo ba nakikita ang espiritu nito? Gaya ng sabi ko sa inyo sa pasimula, ibihis n'yo ang inyong espirituwal na pag-iisip; hayaan n'yong buksan ng Diyos ang puso n'yo. Huwag kayong manghusga; maupo kayo't makinig; sabihin n'yo, "Espiritu Santo, ihayag Mo po ito sa'kin. Nakikita ko na; hayun na nga."

82 Mga seremonya, saan? Ang mga Baptist, Presbyterian, maging ang mga Pentecostal, ay naging isang relihiyosong seremonya na lamang. Ang tanging ginagawa nila'y tumugtog ng piano, at iba pang bagay, sandaling nagsisipaglundagan; at paghintong-paghinto ng piano, uh: maglalabasan na,

mandaraya, magnanakaw, magsisinungaling, lahat na. Ngunit ang tunay na... At napakamainitin ang ulo, pinag-uusapan ang lahat ng tao at lahat ng bagay… Kita n'yo? Hayan nga kayo. Hindi lang Methodist, Baptist, Presbyterian, Catolico, ngunit maging iglesiang Pentecostal sa kapanahunan ng Laodiceang ito… 156 O, bakit hindi kayo bumalik sa kung ano mayroon ang inyong mga magulang dati? Bakit hindi tayo bumalik sa tunay na Pentecost na nagpapabanal at pumupuspos ng Espiritu Santo, na nagdadala kay Cristo sa atin? Iyan ang kailangan natin. Tama. Ngayon, tulad rin sa araw na ito…

83 Ngayon, ang salitang "Pergamo" ay nangangahulugang, "ikinasal." Ang salitang "Pergamo" ay nangangahulugang "ikinasal." Ikinasal ang Cristianismo (iyon ay, ang bahaging Nicolaitanes, ang bahaging pormal) sa estado sa pamamagitan ng mga seremonyang pagano. Mga seremonyang pagano... At iyon ang kapanganakan ng iglesiang Catolico nung panahong iyon. 158 Ngayon, alam ng lahat na lumitaw ang iglesiang Catolico sa Nicene Council. Bago pa iyon, tinawag itong Nicolaitanes ng Diyos; na

nangangahulugang "nico—nico," "gapiin, daigin o gupuin ang karaniwang tao." At nang gawin nila iyon, ayaw nila ng Espiritu sa kalagitnaan ng mga tao, at ng mga "pastor," na nangangahulugang "mga pastol," upang hayaan ang Espiritu Santo na...

84 Sasabihin mo, "Bakit, hindi ba maaaring maging isang pastol ang pari?" Anong uri ng pagkain ang ipinapakain niya sa inyo? Nakakukuha ba kayo ng kaparehong resulta na nakuha nila nung araw ng Pentecostes? Tunay ngang hindi. "Aba, Ginoong Maria," sino'ng nakakita niyan sa Pentecostes? Mga nobena, lahat ng pagwiwisik na ito, pagbuhos, gamit ang tatlong Diyos (Ama, Anak, Espiritu Santo), saan n'yo makukuha iyan sa Pentecostes? Ang sabi ni Jesus, "Pakatalastasin nga ng buong angkan ni Israel, na ginawa ng Diyos na Panginoon at Cristo, itong si Jesus na inyong ipinako sa krus." Tama. Saan natin kinukuha ang mga bagay na iyon? Nicolaitanes ito sa pasimula, at humantong sa Catolisismo.

85 Ngayon, sasabihin mo, "Buweno, tunay ngang natutuwa ako't hindi ako kabilang sa kanila." Ngayon, huwag kayong pakasiguro. Kita n'yo? Ngayon, tandaan: Cristianismo, Nicolaitanes. Ngayon, nakuha n'yo ba ang kasaysayan? Makinig kayong mabuti bago tayo magpakalawig pa. Nais kong makuha n'yo ito kung kailangang mananatili tayo rito hangang hatinggabi. Kaya…?… Kaya ang… Dahil, kapatid, kaluluwa mo ito. Maaari mong sabihin, "Buweno, kasapi ako sa…" Hindi ganu'n iyon. Kung wala kang

Espiritu Santo, kapatid, hindi mahalaga kung gaano karaming iglesia ang kinabibilangan mo; ligaw ka; kung hindi ka ipinanganak na muli ng Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, ligaw ka; dahil wala kang Buhay na Walang Hanggan. At ang Buhay na Walang Hanggan ang tanging bagay na ibabangon ng Diyos, dahil ito na lang ang tanging Buhay na nalalabi.

86 Kapag ang isang butil ng mais… Gaya ng sinipi ko rito, ang Oras ng Agrikultura… Sino ang nakaka-alala kay Brother Spurgeon, ang mangangaral na Methodist sa Henryville? Isang kahanga-hangang karakter… Isang araw ay nakaupo kami sa sorbetesan ni Red Furnish, kumakain ng sorbetes; at naguusap kami tungkol sa isang pagtitipon na idinaos ko roon, at kasalukuyan nagsasahimpapawid ang Oras ng Agrikultura. At may nakabukas na maliit na speaker si Red, mula sa kaniyang radyo. At mayroon silang pinag-uusapan… Anopa't ang mensahe ay galing sa Louisville. Ngunit ang 4-H Club ay may makina nakagagawa ng butil ng mais at nalalagyan nila ito ng calcium, petroleum, at lahat na, at nagagawa nilang magmukhang parang talagang mula ito sa…

87 Nagawa na ito ng 4-H, ganap na itong nagaya ng siyensya na ang mais ay parang tunay na tunay na anupa't maaari kang dumakot sa sako ng inani sa bukid, at sa sako ng gawa sa makina, at mula sa mais na gawa ng makina ay maaari kang makagawa ng kaparehong uri ng corn flakes, o corn bread. At sa katunayan ay maaari mong dalhin sa laboratoryo ang mga ito at biyakin ang mga butil, at hindi mo makikita ang kaibahan: may parehong dami ng petrolyo, parehong dami ng calcium, at halumigmig; lahat ng pumasok dun sa isang butil ay naroon din sa isa. 163 Aniya, "Ang tanging tiyak na paraan upang malaman kung alin ang itinanim sa bukid, at alin ang gawa ng makina: magtanim ka ng tig-isang dakot. At kapuwa silang mabubulok, at ang gawa ng makina ay hindi na muling sisibol; ngunit ang itinanim ng Diyos ay muling mabubuhay." Bakit? Dahil hindi ito napunlaan.

88 At maaaring magmukha kang isang Cristiano, umastang parang Cristiano, at gumawa ng lahat ng mabuting gawa na maaari mong gawin, at mamuhay ng tapat sa iyong iglesia; ngunit malibang napunlaan ka ng Espiritu Santo, ang Buhay ng Diyos, ang Buhay na Walang Hanggan ay pumasok sa iyo; hindi sa pagkukumpisal, kundi sa pamamagitan ng kaloob ng Espiritu Santo... Papaano mo Ito makukuha? Ang sabi ng duktor noong araw ng Pentecostes, na siyang sumulat ng reseta, "Mangagsisi kayo, at mangagbautismo, ang bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo," ang kaloob ng Espiritu Santo, na walang iba kundi ang Buhay na

Walang Hanggan. Iyan lang ang tanging bagay na ibabangon ng Diyos. Yaon lamang may Buhay ang maaari Niyang ibangon. Kita n'yo? Iyan lang ang tanging bagay na makapagpapatuloy. Sana'y malinaw iyan. Itulot ng Diyos na maging malinaw ito.

89 Ngayon, taglay noon ng mga Nicolaitanes ang pagkapormal, at ikinasal sila sa paganong iglesia, nagpasok ng mga paganong altar at ginawang mga Cristianong altar; nagdala ng isang paganong diyos, at pinagsalita ito sa anyo ng isang obispo: ipinuwesto roon, binihisan at ginawang mukhang diyos. Nakikita n'yo ba? Hindi mahalaga kung ano ang nasa labas; ang mahalaga ay kung kung ano ang nasa loob. (Kita n'yo?), ang kalooban, ang Buhay. 166 Buweno, doon iyon ginawa, at iyon ang lugar ng kapanganakan ng unang iglesiang Catolico, ina ng lahat ng iglesiang denominasyon.

90 Ngayon, sasabihin mo, "Buweno, ngayon, Brother Branham, basta't hindi ako Catolico…" Ngayon, sandali lang; siya nga pala, huminto lang tayo rito sandali. Buklatin natin ngayon ang ika-17 kabanata ng Apokalipsis, sandali lang. Buklatin na natin ito kaagad. Ngayon, kapahayagan ito ng ano? Ni Jesus Cristo sa Kaniyang mga iglesia. Habang binabasa ko, makinig kayong mabuti. At dumating ang isa sa pitong Anghel na may pitong mangkok, at nagsalita sa akin, na nagsasabi…Pumarito ka, ipakikita ko sa iyo... ang hatol sa bantog na patutot na nakaupo sa maraming tubig: 168 Ngayon, upang magkaroon ako ng saksi, ilan ba ang nakaaalam na ang babae sa Biblia, sa tuwing gagamitin bilang simbulo, ay

nangangahulugan ng iglesia? Tama. Ilan ang nakaaalam na ang bantog na patutot, na naririto sa kabanatang ito, ay ang siyudad na nakaupo sa pitong burol? Tama. 169 At ngayon, ilan ang nakaaalam na sinabi ng Biblia na maraming tubig, nakaupo siya sa maraming tubig; hindi tubig kundi maraming tubig... At ang "maraming tubig" ay nangangahulugan ng "mga tao." Aba'y kunin n'yo ang ika-15 kabanata, makikita n'yo rito; sa ika-15 talata lang. Kita n'yo? At sinabi niya sa akin. Ang tubig na iyong nakita, na kinauupuan ng patutot, ay mga bayan,... mga karamihan,... at mga bansa, at mga wika. (Kita n'yo, kita n'yo?)

91 Ngayon, tumalikod ang babaeng ito sa pananampalataya. Hindi ba? Ngayon, ito'y pagtuturo, kaya't dapat n'yong ilagay ang inyong kunsensya sa likuran n'yo ngayon. Kita n'yo? Ano ang tawag sa masamang babaeng iyon, patutot? Isa itong babaeng taksil sa kaniyang pangako sa kasalan. Ngayon,

ang iglesia, ang iglesiang Catolico ay nag-aangking Nobya at Asawang Babae ni Cristo. Maging ang mga madre'y nagpapakalbo at di nagmamahal; ang lahat ng pagmamahal nila ay kay Cristo. Tama ba iyon? Tama. Sinumang... 171 Catolico ang pinanggalingan ko. Kita n'yo? Mayroon ako ng kanilang "Facts Of Our Faith," at ng kanilang mga aklat; at maging mga libro ninyong mga Protestante, at mga Baptist, at anumang pinaniniwalaan ninyo'y naroon sa aking silid-aralan. Kaya't pinag-aaralan ko ito, upang kapag may sinabi ang sinuman. "Ooops." Maibabalik kita sa sarili mong katuruan. Kita n'yo? Kaya't dumating na ang oras para malantad ito. 172 Ngayon, unang-una, kinailangang kumilos ng Diyos sa buong bansa, na nagpapakita ng mga tanda at kababalaghan, at mga himala, upang malaman ng mga tao. Kilala ng mga tupa ng Diyos ang Kaniyang Tinig; kilala nila; kilalang-kilala nila. Kailangang makita mo muna... Kapag humayo ka nang hindi ka nakikilala, kung magkagayo'y iyo lamang... Ano'ng gagawin mo? Higit kang makapipinsala kaysa dati. Hayaan mo itong… Ipagtiwal mo iyon sa Diyos. Kita n'yo?

92 "Ipakikita ko sa iyo ang hatol sa bantog na patutot." Ngayon, kung gayon siya, samakatuwid isa siyang babaeng nag-aangkin ng isang bagay na... Siya'y nangangalunya. Tama ba? Buweno, kung ito'y isang iglesia, nangangalunya siya laban sa Diyos. Tama ba? Kung gayon ang pangangalunya ay pakikiapid, espirituwal na pakikiapid: nagtuturo siya sa mga tao ng isang bagay na hindi Salita ng Diyos. Tama ba? Nagtuturo siya ng isang bagay na hindi totoo. Iyan ang mga Nicolaitanes. Nakikita n'yo ba ang pagdating nito dito? Naglalagay sila ng mga papa, at mga pari, at inaalis ang Espiritu Santo: "Lumipas na ang mga araw ng himala," samantalang ang sabi ng Biblia, "Si Jesus Cristo ay Siya pa rin kahapon at magpakailan man." Ang sabi ng Biblia, "Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan"; ang sabi niya naman, "Ama, Anak, at Espiritu Santo," pagwiwisik, pagbubuhos at ay, naku. Kita n'yo?

93 Ngayon, masdan n'yo kung ano'ng ginagawa ng babaeng ito. … na siyang pinakiapiran ng mga hari sa lupa, at ang mga nananahan sa lupa ay nalasing sa alak ng kaniyang pakikiapid. "Nalasing…" Papatayin ka, kikitlan ka ng buhay, babarilin ka, o iba pa, kapatid. Lubos silang nalasing sa bagay na iyon. Kita n'yo? 175 Ang alak, iyon ang ipinamimigay niya (Kita n'yo?), ang alak niya ng kaniyang pakikiapid.

"May sasabihin ako sa iyo. Catolico ang nanay ko, at ako'y..." Sige. 176 Ngayon, sasabihin mo, "Nakakikilabot iyan." Ngayon, sandali lang, mga Protestante. Nangungusap ako sa mga nasa tape. Kita n'yo?

94 At ako'y kaniyang dinalang nasa Espiritu sa isang ilang: at nakita ko— nakita ko ang isang babae na nakasakay sa isang hayop na pula... 178 Ngayon, anong ipinakikita ng salitang "pula"? Nagpapakita ito ng pagiging maharlika. Ibig sabihin… Ang ibig kong sabihin, nangangahulugan ito ng "maharlika, tapat na maharlika" (Kita n'yo?), gaya ng mga hari at iba pa. … puno ng mga pangalang pamumusong, na may pitong ulo at sampung sungay. 179 Ngayon, ang pitong ulo ay ang pitong bundok na kinaroroonan ng siyudad. At ang babaeng ito'y isang siyudad, alam natin. At nararamtan ang babae ng kulay-ube… 180 Ang babae… Ang hayop ay kulay pula, ngunit nararamtan ng kulay-ube ang babae. Ngayon, hindi ba't binalaan ko kayo noong isang araw, na may tatlong kurtina? Hindi ko katagal ako mabubuhay, ngunit tandaan n'yo ito. Tulad ng sinabi ko sa inyo maraming taon na ang nakalipas, "Matiyagan n'yo ang Russia."… May tatlong kurtina; tandaan ninyo ito. May kurtinang bakal. May kurtinang kawayan (Ang Red China). At may kurtinang kulay ube; bantayan n'yo ang kurtinang iyan; iyan ang mandaraya. Anupa't…

95 … nararamtan ang babae ng kulay-ube… at ng pula… nahihiyasan ng ginto… mahahalagang bato at mga perlas,… (Naaalala n'yo ba na nangusap ako rito tungkol sa kung ano ang unang altar ng Nicolaitanes? Kita n'yo? Ang babae bilang iglesia)... na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto... (Naaalala n'yo? Nababalutan ng ginto ang altar; ang saro, ipinamimigay niya sa mga tao.)... puno ng mga kasuklam-suklam, at ng mga bagay na marurumi ng kaniyang pakikiapid: 182 Iyon ang ipinamimigay niya sa mga tao; ito'y iniinom nila. Tunay nga. Nalasing sila dito, sadyang nalasing. Gigilitan ka ng leeg ng lupon ng mga Irish, at mga Pranses na iyon, at iba pa, kapag nagsalita ka ng isang bagay laban sa iglesiang iyon. Tunay ngang gagawin nila iyon. Kita n'yo? At sa kaniyang noo ay nakasulat ang isang pangalan, HIWAGA, BABILONIA… 183 Ngayon, saan lumipat ang Babilonia? Mula sa Babilonia tungo sa Pergamo, at naging... Niulipat ni Satanas ang kaniyang luklukan... O, sana'y kaya nating suyurin ang buong Apokalipsis, upang ito'y makita n'yo.

… DAKILANG BABILONIA, INA NG MGA PATUTOT… INA NG MGA PATUTOT AT NG MGA KASUKLAMSUKLAM SA LUPA. Ano siya? Ina ng mga patutot. Hindi sila mga anak na lalaki. Hindi ba?

96 [Patlang sa tape—Ed.]… ang kanilang iglesia. Opo. Anila, "Hindi ba't tinatawag ang iglesia sa Biblia na Babilonia?" Kita n'yo, sa sarili nilang aklat. Tama. 185 Ngayon, kung isa siyang patutot, isang upahang babae, at siya ang ina ng mga patutot, dapat ay may mga anak siyang babae. At kung mga anak silang babae, mga babae sila; mga iglesia sila. Ngayon, saan galing ang iglesiang Protestante? Tama ba? Ano ang pagkakaiba ng upahang babae at ng isang patutot? Pareho lang sila.

97 Lumabas si Martin Luther, upang magkaroon ng pagbabago, upang bigyan ng pagkakataon ang tunay na iglesia; si Wesley; nagpatuloy hanggang sa Pentecost; at bawat isa sa kanila'y bumalik sa ideya ng Nicolaitanes ng pagoorganisa na may general overseer, at lahat ng iba pa, at bumalik sa parehong bautismo na ipinambautismo sa kanila, iisang anyo, parehong mga seremonya, ang marami sa kanila ay mayroon pa ngang mga katekismo at "aba Ginoong Maria." Hindi aba Ginoong Maria, kundi... Ano ba itong halos pareho rin niyon? Ang Kredo ng mga Apostol… Ipakita n'yo sa akin ang Kredo ng mga Apostol sa Biblia, kapatid. Kung may kredo man sila dati, ito'y ang Mga Gawa 2:38; iyan ang iniutos nilang gawin ng lahat. Saan kayo nakarinig na gumawa ng kredo ang isang apostol, na nagsasabing, "Nananampalataya ako sa banal na iglesia ng Romano Catolico. Nananampalataya ako sa komunyon ng mga banal"? 187 Gayong si Pedro, na siyang may hawak ng mga susi, ay nagsabi, "Walang ibang tagapamagitan sa Diyos at tao, kundi si Jesus Cristo."

98 Ngunit tignan n'yo ang mga iglesiang Protestante. Ano ang ginawa nila? Hindi sila nakuntento. Bawat isa sa kanila na lumabas, ay lumabas na may taglay na pagpapalang Pentecostal. Tamang-tama nga. Maging si Martin Luther ay nagsalita ng iba't-ibang wika. Tama nga iyon. Humingi siya ng paumanhin, at nagsabing, "Diyos, nakatatakot ang mga salitang inuusal ko at hindi ko alam kung ano aking sinasabi." Kita n'yo? Tunay nga, naniwala siya ro'n. Tunay ngang naniwala siya. 189 Ngayon, sa buong panahong nagdaan ay tinaglay nila ang Espiritu, ngunit sa tuwina ay humihiwalay sila at nagtatatag ng mga organisasyon matapos mawala ang mga tagapagtatag. Kung hinayaan n'yo lang na magpatuloy ang iglesiang Lutheran at hindi ito nag-organisa, naging Pentecostal sana ito. Ano ba ang iglesiang Pentecostal, ang ibig kong sabihin ay ang tunay na

Pentecostal? Hindi ang denominasyon, ha, para na naman itong palayok at takuri. Kita n'yo? Ngunit ganu'n din ang ginawa nila, at dahil doo'y nagbalik silang muli sa mga Nicolaitanes gaya ng ginawa nila nung umpisa. Ilan ang nakakikita niyan? Magsabi ng "Amen." [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."—Ed.] Tama iyan. Ngayon, para mapanghawakan kong ang inyong salita na kayo'y…

99 Kita n'yo, ina ng mga patutot... Kung sila'y mga patutot, papaano sila naging mga patutot? Sa pamamagitan ng pakikiapid laban sa Salita ng Diyos. Kapag sinabi ng Salita ng Diyos na, "Mangagsisi kayo at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo," at bawat tao roon ay nabautismuhan sa Ngalan ni Jesus, at pagkatapos ay tatanggapin mo ang Ama, Anak, at Espiritu Santo, iya'y pagpapakapatutot. Tama ba? At kung ang pagbabautismo sa Biblia ay sa pamamagitan ng paglubog ("baptizo," galing sa salitang Griego), kung gayo'y paano n'yo nakuha ang pagwiwisik at pagbubuhos? Saan nakasingit 'yan? Kung ipapalit n'yo ang pakikipagkamay, o pagsubo ng ostiya sa inyong labi at paglunok nito, o anumang gaya niyan sa Espiritu Santo, samantalang dumating ang Espiritu Santo mula sa langit gaya ng isang humahagibis na hanging malakas at pinuspos ang mga tao, at pinagsalita sila ng iba't-ibang wika, at pinasigaw, at pinaastang parang lasing; at pagkatapos ay ipapalit n'yo ang pakikipagkamay, o ang paglalagay ng inyong sulat sa simbahan, o anumang gaya niyan; papaano kayo makatatakas sa daan ng pagkakasala ng espirituwal na pakikiapid?

100 Ngayon, itanong n'yo lang iyan sa inyong sarili. Yugyugin n'yo ang inyong mga pag-iisip; buksan mo ang puso mo at maging tapat ka, kapatid. Nasa dulo na tayo ng landasin. Ang mga pagtitipong ito ay hindi naitakda rito nang walang kabuluhan; iniutos ang mga ito ng Diyos. Naniniwala ako rito gaya ng—naniniwala kayong ako'y lingkod Niya. At sinasabi ko ito sa Pangalan ni Jesus, na inilagay ng Diyos sa puso ko na ako'y pumarito. Wala akong natatanggap ni isang sentimo sa pagsasagawa nito. Maaari sanang nasa labas ako't nanalangin para sa mga maysakit sa kung saang lugar, o iba pang tulad niyon. O kaya'y maaaring nasa labas ako't namimingwit ng isda, at tuloy pa rin ang kita ko; tumatanggap ako ng suweldo mula sa iglesia. Ngunit inilagay ito ng Diyos sa puso ko; hindi ko ito matakasan, may kung anong umiiyak sa akin na gawin iyon, at ginagawa ko ang lahat ng aking makakaya. Narito ako sa Pangalan ng Panginoon, ginagawa ang lahat ng nalalaman kong dapat kong gawin. Huwag ninyo itong palagpasin.

101 Ngayon, kayong mga Protestante, nakikita n'yo na ba ang ibig kong sabihin sa Catolico at Protestanteng iglesia? Ito'y... Magkapareho lang sila. Tamang-tama nga iyan.

Ngayon, nangangahulugang itong ikinasal, ang "Pergamo" ay nangangahulugang "ikinasal." 194 Ngayon kunin natin ang… Sinabi Niya, "Mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam." Kunin lang natin iyan. 195 May oras pa ba tayo? Mamadaliin ko sa abot ng aking makakaya. O mas gusto n'yong na lang na maghintay at tignan kung makakabalik tayo sa umaga? Sino ang mas gustong

magpatuloy tayo ng kaunting panahon pa? Ating… Mabuti, ngayon, alam kong maalinsangan dito. At kung nakaupo lang kayo riyan nang di gumagalaw at naiinitan, ano kaya sa palagay n'yo rito sa itaas? Nauunawaan n'yo ba? Ngunit, ay, naku, sinisikap nating makaiwas sa mainit na dakong iyon. Iyon nga 'yon, dahil eternal tayo.

102 Ngayon, siyempre ng itatag nila ng isang iglesiang tulad niyon, ano'ng nangyari? Ngayon, makinig kayong maigi, mga anak. Ano'ng nangyari? Aba'y, siyempre, inalis niyon ang Espiritu Santo sa iglesia. Hindi nakapagtatakang wala sa kanilang mga obispo ang nakapagpabangon ng patay o nakagawa ng mga himala. At sinasabi nila na ang ilan sa mga santong ito ay kasapi ng kanilang simbahan, ipinrotesta nila, ngunit inangkin nila. 197 Tignan n'yo si Joan of Arc, ang dalagang iyon. Tinatanong ko kayong mga Catolico, o kayong mga Protestante, sinuman sa inyo. Si Joan of Arc, sa kaniyang panahon, walang ibang iglesia sa Pransya kundi ang Catolico; sinupil nila ang mga banal. Ngunit kumilos ang Diyos sa dalagang iyon at natanggap niya ang Espiritu Santo. At anong ginawa niya? Nakapangungusap siya ng mga bagay na darating, binigyan siya ng Diyos ng mga pangitain at naihahayag niya ito. Nanalangin siya sa mga maysakit. Ipinanalangin niya ang isang patay na sanggol, at muli itong nabuhay. Iyon ay Pentecostal. Kita n'yo? At ano'ng ginawa sa kaniya ng iglesiang Catolico dahil pinrotesta niya ito? Siya'y inusig nila at sinunog bilang isang mangkukulam.

103 At ngayo'y sinasabi n'yo, "Saint Joan of Arc." Pagkaraan ng dalawang daang taon, nang matuklasan ng iglesia ang kanilang ginawa, at siya'y isa palang banal, siyempre, pinagsisihan nila ito; hinukay nila ang bangkay ng mga paring nag-apruba sa kaniyang kamatayan at inihagis ang mga ito sa ilog. Palagay n'yo kaya'y mahuhugasan niyon ang dugo sa kanilang mga kamay? Ang sabi ng Biblia, "Nakita sa kaniya ang dugo ng bawat martir." Iyan ang sinabi ng Anghel ng Panginoon na nakita sa Babilonia. "Bawat pagpatay, sa martir, at sa lahat ng mga banal ni Cristo na kanilang pinaslang, ay nasumpungan mula rito sa kapanahunan ng Nicolaitanes hanggang sa kabuuan

ng mga kapanahunan, bawat martir." Isipin n'yo iyon. (Salamat, Brother Ben.) Ngayon, isipin n'yo iyon.

104 Ngayon, sa kaunting karagdagan pa. Ikinasal ang iglesiang Cristiano sa Babilonia. Ang "Pergamo" ay nangangahulugang "kasalan." 200 Ngayon, ang aral ni Balaam. "Mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam." 201 O, sadyang gustong-gusto ko ang mga bagay na ito. O, kung makapananatili lang kayo ng kaunti pa sa isa pa (Kita n'yo?), ngunit kayo'y... Nais naming maipakita ito sa inyo at pagkatapos ay tutungo na tayo sa iba, sapagkat sadyang puno ito ng mga ginintuang tipak. Isa akong minero; gusto kong bumaba at hukayin ang mga tipak na ito, pakinatabin ang mga ito, at pakinisin nang ganito, at sipatin. At bawat isa sa mga ito'y sasalamin kay Jesus Cristo, bawat isa sa mga ito. Kita n'yo? Bawat isa sa mga ito'y sumasalamin kay Jesus Cristo. Siya ang Alpha at ang Omega, bawat karat ng ginto na nasa tipak. Tama iyon. Siya ang lahat ng ito. Iyan ang dahilan na Siya ang Pagkadiyos na nagkatawang-tao sa ating kalagitnaan.

105 Ngayon, para makuha natin… Hindi ako magtatagal dito, dahil mayroon akong… Nakikita kong alas-nuebe na. At may isang bagay pa akong nais na maisingit ngayong gabi, kung loloobin ng Diyos. At gusto kong isulat n'yo lang ito at basahin n'yo bukas; isulat n'yo Mga Bilang 22 hanggang 25. Gusto kong basahin ninyo iyan ngayon, at maaari kayong sumunod sa akin. At ngayon sa Mga Bilang 22 hanggang 25. 203 Alam nating ang Israel… Ang Israel ang piniling bayan ng Diyos. Tama ba? Sila ang... Sila'y mga Pentecostal. Nasa kalagitnaan nila ang Espiritu. Naalala n'yo ang mensahe kagabi, kung paanong si Moises, nang tawirin niya ang Dagat na Pula, o ang Patay na Dagat, at nakita niya sa likuran niya sa Dagat na Pula, ang dugo (kinakatawan ang dugo), lahat ng mga tagapagpaatag na humampas sa kaniya at sa lahat ng anak ni Israel... Itinaas ni Moises ang kaniyang kamay at umawit siya sa Espiritu. O, bawat isa sa ati'y maaaring maging isang Moises kapag nilingon natin ang pulang Dugo ng Panginoong Jesus Cristo at makikita natin ang lahat ng dating paglalasing, laaht ng lumang bote, lahat ng dating masasamang babae, lahat ng dating maruming bagay na ginawa natin sa ating buhay, ang lahat ay patay na sa Dugo ng Panginoong Jesus. Mapapaawit tayo sa Espiritu. Mga sigarilyo, mga tabako, at masasamang bisyo, at lahat ng iba pa aypatay na sa Dugo ng Panginoong Jesus, kaya nga maitataas natin ang ating mga kamay at makaaawit tayo sa Espiritu. Kita n'yo?

106 Tignan n'yo ang ginawa ni Miriam, ang propetisa. Ngayon, tandaan n'yo, isa siyang propetisa. Kinuha niya ang tamburin at nagpasimulang tumugtog at sumayaw sa Espiritu, at sumunod sa kaniya sa pampang ang mga anak na babae ni Israel, tinutugtog ang mga tamburin, at sumasayaw sa Espiritu: tunay na mga Pentecostal. 205 At pagkatapos kung napansin n'yo nang dumating sila sa Moab. Ngayon, nagbabalik tayo… Nasa Kasulatan na tayo ngayon, ang aral ni Balaam. At si Moab—si Moab ay kapatid ni Israel. Sino ang nakakaalam kung saan nanggaling ang Moab? Sige. Tatawagin kong hybrid ang Moab, dahil nagsimula ang Moab sa anak na babae ni Lot. Nagkaanak si lot sa sarili niyang anak na babae, nagkaanak siya ng dalawa. At isa si Moab sa mga ito, at itinatag niya ang bayan ng Moab, ang angkan. At ang totoo, pamangkin ni Abraham si Lot, na talagang galing sa iisang lahi. Aalam natin iyan. 205 Ngayon, gusto kong pansinin n'yong hindi sila mga pagano, tulad ng ipinapahiwatig ng ilan sa mga dula natin … Tandaan n'yo, mga mananampalataya sila. Ngayon, nang papapunta na ang Israel sa lupang

pangako, tinatahak nila ang daan ng pagtupad sa kanilang tungkulin, narito't nakaharang ang Moab sa kanilang daraanan. Nagsugo sila ng mga mensahero kay Moab at anila, "Paraanin ninyo kami sa inyong lupain. Mga kapatid ninyo kami."

107 Ngayon, kinatawan ng Moab ang mga Nicolaitanes. Ngayon, makikita n'yo sa isang sandali. Kinatawan ng Israel ang tunay na iglesia. At isa si Balaam sa mga obispo, sa mga papa (Masdan at tignan n'yo ngayon.), Cristianismong karnal. Ngayon, makikita nating may kaloob siya, walang duda rito. Marami sa kanila ang mahuhusay manalita, mga duktor ng pilosopiya, at mga dakilang tao. Hiindi mo maitatanggi iyan. Ngunit "may anyo ng kabanalan, datapuwa't itinatanggi ang kapangyarihan nito." 207 Panghawakan n'yo ang orihinal na Pentecostes. Huwag kayong lumayo riyan. Kapag lumayo kayo, mapapahamak kayo. Manatili kayo sa pagpapalang iyon. Ganu'n nga, sa Tagapagkaloob ng pagpapala.

108 Ngayon, pansinin n'yo habang sila'y naglalakbay. Dumating sila rito sa isang pormal at hybrid na iglesia, at sinabi nila, "Makikiraan lang kami para sa isang revival. Papunta kami sa lupang pangako, maaari bang pahintulutan n'yo kaming dumaan? Kung himurin ng mga baka namin ang alin mang damo, kung uminnom sila ng anumang tubig, babayaran namin kayo." 209 At ano ang ginawa ng… Nataranta si Haring Balac, hindi niya nais ng gayong pagtitipon sa kaniyang iglesia o sa kaniyang lupain. Kaya ano'ng

ginawa niya? Nagsugo siya sa papa, o sa obispo, kay Balaam, isang upahang propeta, isang higit na nagmahal sa salapi kaysa sa Diyos. At sinabi ni Haring Balac sa kaniya, "Kung paparito ka't susumpain ang bayang ito, gagawin kitang isang dakilang tao." At nangusap ang Diyos kay Balac… At iniisip ko kung nagkataong may ilang… Ang ibig kong sabihin ay Balaam… Gaano kaya karaming mga Balaam ang nasa mundo ngayong gabi? Mga ministrong Methodist, mga ministrong Baptist, mga paring Catolico (Kaawaan.) na nakakaalam na ang Diyos… Kung babasahin n'yo ang kaparehong kasaysayang ito at ang kaparehong Aklat na binabasa ko… Si Balaam…

109 Ngayon, pansinin n'yo. At sinabi niya, "Pumarito ka't sumpain mo ang bayang ito." At ang sabi ni Balaam, "Oh, tatanungin ko ang Diyos." Ang sabi ng Diyos, "Huwag kang sasama," 211 Ngunit kinaumagahan, pumaroon siya't sinabi ito sa pari, o sa hari. At bumalik siya, at aniya, "Oh, gagawin kitang dakilang tao." 212 Kaya't nagpatuloy si Balaam; at sinabi ng Diyos, "Sige humayo ka na nga; sumama ka na." 213 Kita n'yo, kung ayaw ninyong sumunod sa katotohanan… Iniisip n'yo, mga Nicolaitanes, na dahil pinahihintulutan ng Diyos ang mga ginagawa n'yong ganiyan… May orihinal na katotohanan. Tinatahak n'yo lang ang ipinahintulot na kalooban ng Diyos. Sasabihin mo, "Ibinibigay ng Diyos sa amin ang Espiritu Santo," o "pinagpapapala Niya kami, at nabautismuhan kami sa ngalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo." Ikaw na Balaamita (Kita n'yo?): aral ni Balaam. Sinabihan siya ng Diyos matapos niyang magyabang nang husto. Pinahintulutan Niya siyang sumama, at bigtihin ang kaniyang sarili. Kailangan n'yong bumalik sa katotohanan, sa kinasasaligang katotohanan, pabalik sa Biblia. "O, pinagpala Niya kami. At..." O, alam ko iyan. 215 Sinabi Niya kay Balaam, aniya, "Sumama ka. Kung gusto mong sumama, kung iyan ang… Nakatakda kang tumahak sa daang iyan, at gusto mong tahakin ang ruta ng iyong organisasyon, tahakin; humayo ka."

110 At humayo si Balaam, sumakay sa kaniyang mola—o hindi sa mola, sa kaniyang asno, at lumarga na siya roon. At ang nangyari, alam n'yo, humarang sa daan ang Anghel ng Panginoon. At, alam n'yo, ang propetang iyon, ang papang iyon, ang obispo, kardinal, o anuman siya, ay lubhang nabulag sa mga bagay na espirituwal, inisip niyang makukuha niya ang kaniyang promosyon, dahil nakatira siya sa Ilog Euphrates. Palagay ko'y iniisip niyang napakagandang mana niyon, gaya ng "Sa ibabaw ng batong ito

ay itatayo Ko ang Aking iglesia, Pedro," o sa isang bato na nasa Roma, o anuman. Ngunit nang dumating siya roon, nakatayo ang Anghel doon na bunot ang tabak, at nabulag siya ng husto na hindi niya ito makita. At pinitpit ng asno ang paa niya sa pader. At nagpatuloy pa rin siya, at humarang muli ang Anghel sa daan. Haharangan ng Diyos ang bawat pintuan. At pumihit pa rin ang asno. Nang magkagayo'y bumaba siya, kinuha ang kaniyang tungkod, at sinimulan siyang hampasin nito. Ang munting asnong ito ay napahandusay, napalo sa ulo...

111 At ipakikita ko sa inyo kung anong nagpabago sa kaniya, kung ano'ng nagbunsod sa kaniyang mag-isip, o nagpaunawa sa kaniya kung saan siya nagkamali, pinahintulot Niyang makapagsalita ng iba't-ibang wika ang mola: hindi isang mola, isa siyang asno. Huwag n'yong sabihing isa siyang mola; hindi niya ito mauunawaan; isa siya kasing hybrid. Kita n'yo, siya'y orihinal na binhi. 218 Ang Moab na ang paniwala'y lipas na ang mga tanda, lipas na ang lahat ng mga bagay. Ang Israel naman ay may lumalakip na mga tanda. 219 Ngunit pumihit ang munting asnong ito at nagsabi, "Hindi ba't matagal mo na akong asno? Kailan man ba'y ako'y naging…" At ang bulag na obispong nakasakay doon, pinapalo pa rin ang asno; at nangusap ang asno sa kaniya sa wikang banyaga sa asno. 220 At aniya, "Oo, a—asno kita." 221 "At kailan man ba'y hindi kita isinakay, o binigo na ba kita?" 222 "Hindi, hindi pa nga. Ngunit kung may tabak ako, papatayin na kita. Pipigilin ko ang pagtitipong ito. Papunta na ako roon para pigilan ang mga holy-roller na 'yon sa pagdaan sa lupaing ito. Ikaw ang sisisihin ko." Kita n'yo?

112 At ang nangyari alam n'yo, napalingon siya sa paligid; naisip niya, "Buweno, kakatuwa ito. Naririnig

kong nagsasalita ang asno." 224 O, Balaam… Umm. Kita n'yo, palaging nangungusap ang Diyos sa mga tao sa pamamagitan ng iba't-ibang wika. Ginawa niya iyon sa panahon ni... Sasabihin n'yo, "Sa Pentecostal lang iyan." Oh, hindi. Hindi, hindi. Nangusap Siya sa iba't-ibang wika sa piging ni Belsasar, isinulat Niya ito sa dingding. Mayroon silang isang lalaki roon na may kaloob ng pagpapaliwanag, kaya ipinaliwanag niya ito sa kanila, sinabi niya sa kanila kung ano ito. Tulad din sa araw na ito.

113 Dahil walang tagapagpaliwanag niyon, hinayaan na lang ng Diyos na magising itong si Balaam (itong kardinal na ito) at maunawaan niya kung ano

ba ito. At alam n'yo bang nagpatuloy pa rin itong bulag na lalaking ito? Tunay nga. Gayon pa rin ang ginagawa nila hanggang sa araw na ito, ang mga Moabita, mga Nicolaitanes, ay nagpapatuloy pa rin. At nagpatuloy sila roon, at nagtungo siya sa… 226 Ngayon, tignan n'yo, kung isasaalang-alang ng Diyos ang pundamentalismo, may pananagutan Siyang pagpalain ang Moab; dahil pansinin n'yo, nagtayo ng pitong dambana si Balaam. Eksakto 'yon, ang bilang na pito: pitong kapanahunan ng iglesia. Nakita n'yo ang espirituwal na aplikasyon? Ngayon, hawakan n'yo iyan ngayon. Espirituwal na aplikasyon, pupuntahan ko iyan sa isang sandali sa isang mahirap na lugar. Kita n'yo? Ang espirituwal na aplikasyon... Pitong altar, pitong toro (malilinis na hayop), at pitong tupang lalake, nangungusap tungkol sa pagdating ni Cristo, daandaang taon bago Siya dumating.

114 Ngunit sumampalatay sila. Anong sinampalatayanan nila? Sumampalataya sila sa Diyos na Jehova. Ano pa ang sinampalatayanan nila? Sumampalataya silang isang malinis na hain ang dapat ialay. Tama iyon. At sinasabi nilang sumasamapalataya silang darating ang Mesias, dahil nag-alay sila ng lalaking tupa (na isang ram). Tama ba? 228 Ngayon, makihalubilo kayo minsan sa Baptist, tignan n'yo kung hindi ganu'n din ang ginagawa nila. Tamang-tama nga. 229 Buweno, ngayon ano'ng pagkakaiba? Narito ang Israel sa paanan ng burol, nag-aalay ng kaparehong hain na iniaalay nila sa itaas, nananalangin sa iisang Diyos. Hindi n'yo ba nakikita ang mga Nicolaitanes, ang hybrid? Nakikita n'yo ba? Hindi n'yo ba nakikita ang tunay na espirituwal? Ano'ng pagkakaiba nila? Ang isa sa kanila'y may mga tandang lumalakip. Ang isa'y may anyo; ang isa'y may mga tandang lumalakip.

115 Ganiyan din ang naganap dito, sa Nicene Council; ang mga Nicolaitanes, ang pormal na Cristianismo. At bumalik ang Espiritu Santo at nagsabing, "May mga aral kayo ni Balaam sa kalagitnaan ninyo. (Kita n'yo?) At inyong… Kinapopootan ko ang mga gawa ng mga Nicolaita, ang mga aral nila, dahil ito'y mga aral ni Balaam na nagturo sa Israel upang sila'y madapa." Papaano niya ito ginawa? 231 At nang pumaroon siya upang sumpain ang bayan, sinabi ng Diyos, "Tatalian Ko ang dila mo; wala kang ibang maaaring sabihin, kundi ang sasabihin Ko sa iyo. Hindi mo maaaring sumpain ang pinagpapala Ko." Kaya tumingin siya roon sa ibaba. 232 At tignan n'yo ang ipokritong ito. Oh, maaari tayong magpakalawig dito. Kita n'yo? Tignan n'yo ang matandang Haring Balac na ito, ang pinuno ng

lahat ng ito, sinabihan ang bulaang propetang ito, "Bumaba ka roon at tignan mo lang ang likurang bahagi nila."

116 Iyan ang gustong sabihin ng malalaking iglesia tungkol sa maliit na minorya ng Diyos. "Alam n'yo ba? Kilala ko ang isa sa kanila. Alam n'yo ba kung anong ginawa niya? Ginawa niya ang ganito, at ginawa niya ang ganyan. Mga Pentecostal ang mga iyon. Tama." Oh, ngunit kung alam n'yo lan ang katotohanan tungkol sa kanila, ngunit hindi ito inilalantad ng mga pahayagan at ng iba pa. Ngunit minsan lang na magkamali ang isang Pentecostal, tignan n'yo kung papaano itong pinag-uusapan ng buong bansa. Tama. Opo. 234 Ngunit pansinin n'yo ngayon, aniya, "Tignan mo lang ang gawing likuran, ang likuran, ang pinakapangit na bahagi nito." Ang sabi ni Balaam, "Oo nga, titignan ko ang likuran, ang masamang bahagi ng kanilang ginagawa. Iyan ang gagawin ko; titignan ko ang kasamaan nila, ang pangit na bahagi na bahagi nila." Dahil kung tumingin siya sa hindi mabuti, di nga sila mabuti. Tama iyon. Ginawa nila lahat ng kasalanan na nasa kalendaryo. Ngunit ang hindi niya nakita, ay ang hinampas na Bato, ang Tansong Serpente, ang kagalakan ng Hari sa kanilang kalagitnaan: ang pagpapagaling, mga tanda, mga kababalaghan, at ang Haliging apoy na nasa itaas nila. 235 Hindi iyon makita ng bulag na propetang iyon. Hindi po. Ngunit ipinakita niya ang masamang bahagi nila, "Buweno, kilala ko ang isang iyon na kinalaguyo ang asawa ng iba. Kilala ko ito; nagnakaw siya ng pera." Tama. Tama. Aaminin ko 'yan; ngunit mayroon din silang ganu'n sa kanila, ngunit wala silang sinasabi tungkol dito. Kita n'yo? Kaya ipinakita lang n'ya sa kaniya ang masamang bahagi. 236 Ngunit sinabi Niya, sinabi ng Diyos, "Sabihin mo lang kung anong sasabihin ko." At napasa Espiritu si Balaam, nakakita siya ng pangitain; at sa halip na sumpain ang Israel, pinagpala niya ito. Amen. Hayun siya.

117 Ngayon, kung gagantimpalaan ng Diyos—o pararangalan Niya ang isang pundamental, ang matataas na paaralang ito, at malalaking seminaryo, at kolehiyo, at ang mga Ph.D.s at D.L.D.s at oh, lahat na ng uri ng D.D.... Buweno, paano kung nirespeto Niya iyon, buweno, kung gayo'y, maaari mo nang… Kinailangan Niyang irespeto sila. Kita n'yo? Ngunit inirespeto na Niya at pinagpala na Niya ang mga taong ito, dahil ang Espiritu, ang Hari ay... Anila, "Mayroong sigaw ng Hari sa kampamento." Ah, ano? Ano? "Ang Hari ng mga banal." Mga sigawan at kagalakan ng ano? Ibang Kaharian. 238 Patutunayan ko sa inyong hindi sila mga makadenominasyon. Gusto n'yo bang gawin ko 'yun? Palagay ko'y nakapagtala ako

ng Kasulatan para diyan.

Opo. Hayaan n'yong patunayan ko sa inyo na ang Israel ay hindi... Buklatin natin ang Mga Bilang, para lang makita n'yong hindi sila gayon. Sila'y... Ngayon, isang malaking denominasyon ang Moab. Kukunin natin ang Mga Bilang 23:9; kukunin ko na rin ang ika-8 talata. At paanong—paanong aking susumpain, ani Balaam, ang hindi sinumpa ng Diyos? At paanong aking lalaitin ang hindi nilait ng Panginoon? (A-ha.) 239 Ngayon, makinig kayo sa sinabi Niya. Sapagkat mula sa taluktok ng mga bato ay aking nakikita siya,… (Diyos iyan. Hindi sa ibaba ng lambak, kundi sa taluktok ng mga bato. Oh, minamasdan Niya ang mga maya, at alam kong minamasdan Niya ako.)... mula sa taluktok ng mga bato ay aking nakikita siya,... (Amen. Hindi sa kung anong... sa isang lambak upang makita mo ang likurang bahagi nila; "Nakita Ko ang kabuuan," sabi ng Diyos.)... mula sa taluktok ng mga bato ay aking nakikita siya, At mula sa mga burol ay akin siyang natatanawan:

Narito, siya'y isang bayang tatahang magisa, at hindi ibinibilang sa gitna ng mga bansa. (Alleluia.) 240 Nalinaw na ba? Hindi sila isang denominasyon: "mga bansa." Oh, mga palaboy sila na tumatahan sa mga tolda, sa mga eskinita, sa mga kanto, sa munting misyon. Kapag naatraso sila sa upa, pinalalayas na sila; nais ng Diyos na pumunta sila sa ibang lugar (Kita n'yo?), mga palaboy. Tama.

118 Sa Jamaica, hindi pa katagalan, may isang mahusay na doktor ng divinity ng Pentecostal. At sabi ko, "Oh, ganun na lang pinagpala ng Panginoon ang unang iglesiang Pentecostal: wala silang anumang pag-aari." Ika ko, "Mga palaboy lamang sila." 242 Aniya, "Ah, Brother Branham?" 243 Sabi ko, "Oo, kapatid." (Mapagmahal at mabuting kapatid) 244 At aniya, "Gu—gusto ko lang ipakita sa'yo kung saan ka nagkakamali." 245 Sabi ko, "Oh, ikinagagalak ko iyan. Gusto ko palaging malaman kung saan ako nagkakamali, dahil alam ng Diyos na ayokong maging mali." Ika ko, "Buweno, kung mali ako, gusto ko itong malaman, kapatid. Salamat." 246 Aniya, "Palagi mong pinupuri ang mga Pentecostal." 247 Ika ko, "Siya nga." 248 Sabi niya, "Ang pinakamalaking pagkakamaling nagawa nila ay nang ipagbili nila ang kanilang ari-arian." Aniya, "Nang dumating ang pag-uusig,

ni wala silang mauwiang tahanan. Wala silang mapuntahan, at nagpagala-gala na lang sila." 249 Ang sabi ko, "Iyon talaga ang kalooban ng Diyos." 250 Aniya, "Bakit?" 251 Sabi ko, "Kung may tahanan sila baka nag-uwian sila, ngunit kinailangan nilang magpalipat-lipat, na siyang nagpakalat ng balita, sa lahat ng dako, na dumating na ang Espiritu Santo." 252 Huwag n'yong sabihin sa aking nagkakamali ang Diyos. Hindi Siya nagkakamali. Alam Niya kung papaano iyon gagawin. Ipinagbili nila ang kanilang mga ari-arian at sila'y naging mga palaboy, naipangalat ang balita sa lahat ng dako; at sinabing naikalat ang balita sa buong mundo ng mga palaboy na nagsuko ng lahat upang matanggap ang Espiritu Santo. Hindi kasapi sa isang denominasyon ang mga taong iyon. Kita n'yo?

119 Ngayon, tandaan, ang denominasyon ang sinasabi ng Diyos na "Isiningit sa aral ni Balaam." Buweno, nang hindi niya sila mapapasok sa denominasyong ito, alam n'yo kung ano ang ginawa ni Balaam? Ngayon, makinig kayong mabuti; malapit na tayong matapos. Ngayon, ang ginawa ni Balaam, ginawa niya ang katulad sa ginawa nila sa Nicene Council. Iyan ang dahilan at sinabi Niya, "Mayroon kang aral ni Balaam at ng mga Nicolaitanes na iyan." 254 Ngayon, ang mga Nicolaitanes ay yaong mga humiwalay at nagnasang magtatag ng mga organisasyon at—at iba pa. Na, sa dulo… Ilan ang nakaaalam na totoo iyan? Iyan ang mga organisasyon. Iyan ang talaga ang katotohanan ng Diyos. At hanggang sa maitatag nila ang pinakamalaking organisasyon sa mundo. At ginawa nilang ano iyon? Isang Catolico. At ano ang kahulugan ng salitang "catholic"? "Pangbuong-mundo." Isang pandaigdigang organisasyon, organisado, "Lahat ng mga munting bagay na ito ay kailangang mauwi sa isang iglesia." Ngayon, kung mapapansin n'yo. O, Ako'y… Sadyang di ka makatigil.

120 Tignan n'yo. Ano ang Babilonia dati? Sino ang nagtatag ng Babilonia? Si Nimrod. Ano ang ginawa niya? Gumawa siya ng isang malaking moog, at ng isang malaking syudad, at inutusan ang lahat ng iba pang mga syudad na magbayad ng buwis sa syudad na ito. Organisasyon, iyan ang pinagsimulan nito. Tunay nga. Nagtungo ito sa kapanahunan ng iglesia at muling nagorganisa, at dinala ang buong mundo papasok dito. At ang sabi dito, "Pinainom ng patutot ang lahat ng mga bansa ng alak ng kaniyang pakikiapid." Ang pangangalunyang ginagawa niya, nag-aangking Cristiano samantalang namimigay ng mga bagay na gaya niyon: mga katekismo, mga aklat sa

pananalangin, at lahat na ng iba pa... At sumunod ang mga Protestante, katulad din niya, sumusunod sa kaniyang landas.

121 Sige, magpatuloy pa tayo nang kaunti ngayon. Sige. Sige. Sinabi Niya na, "Ito'y mga aral ni Balaam." 257 Ngayon, anu'ng ginawa ni Balaam nang malaman niyang hindi niya maaaring sumpain ang Israel? Iminungkahi niya kay Balac na magandang ideya na kaniyang imbitahan ang bayang ito sa kapistahan ng diyos. Mayroon silang isang malaking kapistahan doon; nakatakda nila iyong idaos. At may isang pagdiriwang sila na kung tawagin ay pista ng Baal-p-e-o-r, Baal-peor. Sa wari ko'y p—peor, Baal-peor. Isa itong kapistahan ng pagsamba. 258 At ang sabi ni Balaam, "Ngayon, sasabihin ko sa'yo, Balac; bibigyan kita ng magandang ideya. Kung iyo lamang—kung iyong... Hindi sila susumpain ng Diyos, ganu'n

lang, kaya sasabihin ko sa'yo kung anong gagawin natin. Hindi natin sila magawang malipol; ngunit kung magagawa mo silang maimbitahan, papabor sa iyo ang lahat.” 259 Kita n'yo, ganiyang-ganiyan, ganiyang-ganiyan nga ang ginawa ni Constantine. Tamang-tama. Iyan ang dahilan kaya may aral ni Balaam.

122 Ano'ng ginawa nila? Sila noon ay… Nakarating sa kalagitnaan ng Israel ang aral ni Balac, at inimbitahan nila ang lahat ng Israelita sa malaking kapistahang ito, ang malaking kasayahan nila, o, isang malalaking piging, o salo-salo na mayroon sila. At nang pumaroon sila, aba'y, nagsimulang makita ng mga Israelita ang naggagandahan, at mga nakadamit-seksing mga babaeng Moabita. Oo, hindi sila gaya ng karaniwang kadalagahan nila roon. Oh, napakagaganda nilang tignan. Naku. Ang hubog nila at, oh, napakahusay nilang magprisinta ng kanilang sarili. At nalinlang sila nito at nagpasimulang mangalunya. At alam ni Balaam na bagama't ayaw silang sumpain ng Diyos, kung madadala niya sila dito sa bandang makadenominasyon magbubunsod ito upang magalit ang Diyos upang lipulin din sila; ang Diyos Mismo ang lilipol sa kanila, kung magawa niyang ilihis sila sa daan ng katotohanan.

123 At sa sandaling umalis ka at sumapi sa iglesia sa halip na tanggapin mo ang bautismo ng Espiritu Santo, patay ka na. Hindi ito para sa inyo, kundi para dito sa tape; Hahayaan kong mababad iyan nang sandali. Patay: “May pangalan ka,” ang sabi dito kay Luther, ang kapanahunan ng Sardis. Ang salitang Sardis ay nangangahulugang “patay.” Ikaw ay may pangalang ipinamumuhay, ngunit ika'y patay.“ Iyan ang sabi ng Diyos. Oo. Kita n'yo? 262 At nang magkasala sila doon ng espirituwal na pakikiapid, ikinasal ang iglesia sa isang denominasyon palayo sa bautismo ng Espiritu Santo; namatay

sila. Hayan na nga kayo. Iyan ang sabi ng Biblia; iyan ang sabi ng Diyos, na nangungusap sa mga iglesia. 263 Ngayon, gusto kong bumasa ng ilang bagay dito sa inyo, na aking…

124 At ang Diyos, ano'ng ginawa Niya? At ngayon, nang gawin nila ito, ang masamang bagay na ito, at sila'y nangalunya, pinatay ng Diyos ang apatnapu't dalawang libo sa kanila sa isang pagkakataon: apatnapu't dalawang libo, dahil sa pangangalunya. At ano ang ipinangungusap nito sa iglesia? Ang espirituwal na pangangalunya, na nag-aangkin kang Cristiano at pagkatapos ay namumuhay pa ring tulad ng sanlibutan. O kapatid, tanggapin mo ang Espiritu Santo. Lumayo ka sa mga kredong ito at iba pa; sila'y mga patay (ang pagbigkas sa Kredo ng mga Apostol, o isang uri ng kredo, at ang kaunting pananalangin mula sa aklat ng panalangin, o anumang tulad niyan...). Hindi sinabi ni Jesus sa Kaniyang bayan na mangusap ng panalangin; ang sabi Niya, “Manalangin kayo.” Manalangin. Tama.

125 Ngayon, ang pista ni Constantine, gaya ni Balaam... Ngayon, masdan n'yo. Tulad ng pistang pagano ni Balaam, nagdaos ng isang paganong pista si Constantine. Tama. Imbitado ang Pergamo. At pansinin n'yo ito ngayon... 266 May isinulat ako rito; iiwan ko muna ito ngayon. Tama. Tama. Sinisikap ko lang makuha ang tala ng ilang bagay na naisulat ko. 267 Inanyayahan ang Pergamo. Tama, inanyayahan sila sa isang pista pagkatapos ng Nicene Council. Inanyayahan sila sa pista ng Winter Solstice, na nangangahulugan ng pagsamba sa araw, na isang paganong diyos, na tumatama sa ika-21 ng Disyembre, ang pinakamaikling araw ng taon. At ang mga taon... Hindi nagbabago ang oras hanggang sa ika-25 ng Disyembre. Ipinagdiriwang ito ng lahat ng mga hiteno, ang kapanganakan ng diyos araw. Ang araw ng kapanganakan ng diyos na araw ang pinamaikling araw ng taon, ika-21 ng Disyembre. At alam ng sinumang nakabasa na ng kasaysayan ng mga iglesia na sumasamba ang mga hiteno sa araw na iyon. Isa itong pagdiriwang. 268 Buweno, may malalaking palaro ang mga Romano, ang Roman circus. Ilan ba ang nakakita niyon dito, kung anoman iyon, di pa katagalan, idinaos nila ang, “Ben Hur”? Kita n'yo? Ngayon, ang Roman circus; iyan ang idinadaon nila sa araw na iyon, bilang paggunita sa kapanganakan ng diyos na araw. Kita n'yo?

126 At ngayon... At gumawa sila ng malaking kapistahan doon at inimbitahang dumalo ang mga Nicolaitanes. Oh, hindi ba't tamang-tama ito? “Ang aral ni Balaam na hawak ninyo,” (Kita n'yo), sinasabi sa Pergamo kung ano'ng mayroon sila, ang malalaking karera. Doo'y naisip nilang... Inisip ng mga

Nicolaitanes na ito, “Buweno, ngayon, ayos na ayos. Ipinagdiriwang ba ang kapistahang ito taon-taon?” “Oo.” Kaya sa paanyaya sa tinatawag na arsobispo, o kung anuman siya noon, at lahat na, sinamantala nila ito upang gawin itong isang tuloy-tuloy na bagay, para makapagpasok ng pakikiapid, makapagpasok ng pangangalunya, at nabuo ang iglesiang Catolico, at ang bawat denominasyong Protestante ay miyembro nito (ng organisasyon). Walang organisasyon ang Diyos, at kinamumuhian Niya ang ngalan pa lang nito. Iyan ng sabi ng Biblia. 270 At nang gawin nila iyon, ano'ng nangyari? Ang sabi nila ngayon… Kinailangang nilang lagyan ito ng espirituwal na aplikasyon, kaya binago nila ang kapanganakan ng (Panginoong Jesus) S-o-n of God mula sa Abril (at alam ito ng lahat ng mahuhusay na iskolar, at sinumang may espirituwal na kapahayagan, na ipinanganak Siya sa panahon ng kalikasan kung kailan isinisilang ang mga kordero at iba pa: tuwing Abril) ginawa itong ika-25 ng Disyembre. At sumasamba pa rin sa Kapaskuhan, kaya lang ngayon si Santa Claus na ang sinasamba. At ano'ng… O, kahabagan nawa tayo. Kita n'yo? Marami pang idinagdag na mga paganong pagdiriwang dito. Iyan lang. Hayan na nga. Nagimbita si Balaam, “May aral kayo ni Balaam sa gitna ninyo.” Hayan na nga. (O Diyos, ipahayag mo ito, Ama. Kita n'yo?) Ang kapanganakan mula sa Abril hanggang...

127 Ngayon, sinasabi ng mga mananalaysay na "Lahat ay nagpapatunay na si Jesus ay ipinanganak sa buwan ng Abril kung kailan sumisibol ang lahat ng iba pang buhay." Ngunit ginawa nila itong ika-25 ng Disyembre, limang araw matapos ang (Kita n'yo?) matapos ang kapanganakan ng paganong diyos, upang mapagsama nila ang kanilang mga seremonya: paganismo at Cristianismo. 272 At ang Catolisismo ay isa lamang bungkos ng pinaghalong mga pamahiing pagano at mga hidwang pamahiing Cristianismo. Tama. Totoo iyan. At ang mga Protestanteng sumang-ayon dito ay tamang-tamang mga anak na babae ng inang patutot. Eksaktong-eksakto. Ngayon, tulungan nawa tayo ng Diyos na maging tunay na mga taga-protesta ng anumang bagay na hindi maka-diyos. Kita n'yo? Oh.

128 At upang magawan ito ng espirituwal na aplikasyon, alam n'yo ba kaung ano ang sinabi ng obispo? Ang sabi ng obispo, "May karapatan tayong gawin ito dahil siya ang Araw ng katuwiran (Sun of righteousness)." Umm. O, nagkaroon sila ng butas, tuulad sa kanilang Ama, Anak, at Espiritu Santo sa Mateo 28:19, pareho, siyang-siya. Tunay nga, nagkaroon sila ng butas; kinailangan nilang magkaroon ng isang uri ng espirituwal na aplikasyon. Nakikita n'yo ba? Ngunit hindi ito...

Ang sabi ng Biblia, "Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi ay papagtibayin ang bawat salita." Sinabi ito ng Diyos do'n, at tatlong ulit Niya itong sinabi. Nang may iba pang nais na patunayan ang Diyos, dinala Niya sina Pedro, Santiago, at Juan; at sa lahat ng bagay na ginawa Niya, mayroon Siyang dalawa o tatlong saksi upang patunayan lahat ng Kaniyang ginawa, sa buong Kasulatan. Tama. 275 Ngunit, nakita n'yo, kailangang dumating doon ang mga maliliit na bagay na iyon upang magamit nila bilang ganu'n. Alam na ito ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan. Doon nila kinuha ang espirituwal na aplikasyon, "Dahil siya ang S-o-n of God, kunin na lang natin ang araw ng kapanganakan ng paganong s-u-n at gawin nating araw ng kapanganakan ng S-o-n, dahil siya'y isang Araw ng katuwiran (Sun of righteousness)." Um-um. Alam n'yo, nalilinlang pa rin niyan ang mga Protestante, ng bagay na tulad niyan. Tunay nga, malilinlang sila, ilalayo kagad sa Kasulatan patungo sa ibang bagay. Ay, naku. Ako'y... Huminto lang tayo sandali. Tama.

129 Narito ang munting bagay na nais kong makuha. Kunin nating mabilis ang huling bahagi ng talatang ito. Kaya ba natin ito? Oo. Buweno, magmamadali na ako nang husto, at kayo'y… Tutumbukin natin ang pinakamahahalagang bahagi Nito. Tama. Saan na ba tayo? Datapuwa't mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo,... Balaam,… (Tama iyan, nakuha ko na iyan.)… Gayon din naman na mayroon ka… ang aral ng mga Nicolaita… Magsisi ka nga;... kung hindi... madaling… paririyan ako, at… babakahin ko sila ng tabak ng aking bibig. Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia;… 277 Naku. Nang gawin ito ni Constantine, ito'y… Nang ihanda nila ang malaking kapistahang ito… Ako'y sadyang… Nagsimula na akong lumayo diyan; maghihintay muna ako bago ko basahin iyan, dahil panay ang balik ng Espiritu Santo; iyan ang dahilan kaya ginawa ko ang ginawa ko kanina; ang sabi Niya, "Huwag mong iurong iyan." Kaya narito na. A-ha, a-ha. Sige. Ang dahilan…

130 Nang ayusin nila ang malaking bagay na ito (gusto kong sabihin sa inyo ang nangyari para maunawaan ninyo.), iyon ang kapanganakan ng postmillenium. Dahil yumaman ang iglesia; yumaman ito nang husto. At naging ano ito? Makapangyarihan. Naging mas mataas na ito sa estado. Nagsama ang estado at iglesia. 279 Ngayon, ang Diyos, may kaharian? At hindi ba't sinabi ni Jesus na sila'y… Lahat ng mga bansang ito'y sa kaniya, sinabi niya ito kay Jesus, at

ipinakita sa Kaniya ang mga kaharian ng mundo, aniya, "Lahat ng iyan ay sa akin. Ginagawa ko sa kanila anumang ibigin ko." At pagkatapos ay pagiisahin mo ang Diyos at ang diablo? O, hindi ito maaari. Tunay ngang di maaari. Iyan ang dahilan kaya organisado ang estado. Wala ang Diyos sa ganitong mga organisasyon. Tunay ngang wala, hindi maaari.

131 Ngunit nagkaroon sila niyon dati; may iglesia silang tinatawag na Cristianismo; isinanib nila ito sa bansa, sa buong emperyo ng Roma, ang kabuuan nito. Ang dakilang obispong naroon ang siyang pinuno ng lahat ng ito, na… Nang maglaon ay tinawag siyang papa, ngunit obispo siya noon. At si Boniface III ang naging unang papa. 281 At makikita nating umupo siya roon bilang isang tunay na papa na namamahala… Isa siyang diyos nila sa anyong-tao, nagtayo sila ng malaking dambana. Marami silang maiinam na kayamanan. Mayroon silang malalaki, matatatag na mga dambanang nilatagan ng marmol, at napapalamutian ng mahahalagang bato, at iba pa sa kabuuan nito. At mayroon silang malalaking iglesia. Kontrolado nila ang estado. At alam n'yo? May lumabas na balita na iyon na ang milenyo, na lahat ng mga pangako sa mga pobreng Judio, na pinabayaan sila ng Diyos (samantalang sinabi Niyang hindi Niya iyon magagawa) at sinubukan nilang umpisahan ang milenyo bago pa ang pagdating ng Panginoong Jesus Cristo. Pagdating ni Jesus saka magsisimula ang milenyo.

132 Iyan ang dakong kapanganakan ng postmillenium. At iyan ang dahilan kaya't hindi nagtuturo ang Catolico ng pagdating ni Jesus hanggang sa araw na ito. Ang lahat ay nasa iglesia na. Milenyo na ngayon. Pag-aari ng iglesia ang lahat ng bagay. Ito na 'yun. Kita n'yo, postmillenium (ay, naku) na walang pagbabalik ni Jesus Cristo. Tumagal ito hanggang sa pagkakapaslang kay Constantine na naganap sa pagitan ng A.D. 312 at 606. At naging pangdaigdigang obispo o papa na si Boniface III sa buong pangdaigdigang iglesia.

133 Palagay ko'y tatapusin natin ang talatang ito, at pagkatapos ay makukuha ko na iyon. Purihin ang Diyos. Kita n'yo? Kaya ngayon, nanatili lang ako ng isang sandali. Ika 17 talata... Ang may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu—Espiritu sa mga iglesia; Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang… natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap.

Mas gusto n'yo bang maghintay na lang hanggang bukas ng gabi, o talakayin na natin ngayon? [Sumagot ang kongregasyon, "Ngayon na."—Ed.] Sige.

134 Makalangit na Ama, dinadalangin kong ipaunawa Mo ito ngayon sa mga tao, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, upang maintindihan nila sa lahat ng dako (at saan man makarating ang mga tape), upang malaman nilang sinasabi ko ito dahil ito ang Makalangit na interpretasyon na ibinigay Mo sa akin. Amen.

135 ... ang magtagumpay... Ang unang bagay na gusto kong tandaan n'yo: na bawat isa sa mga mensaheng ito ay hindi idinerekta sa iglesia kundi sa anghel ng iglesia. Tignan n'yo ito muli, ang una, ang iglesia ng Efe... Sa iglesia... Sa... At sa Anghel ng iglesia ng Efeso... (Tama ba?) 287 Sige, ang kasunod na kapanahunan ng iglesia, ikawalong talata: ... at sa Anghel ng iglesia sa Smirna... Sige, at sa ika labindalawang talata: ... at sa Anghel ng iglesia sa Pergamo... (Tama ba?) 288 Ang mensahe ay nakadirekta sa pinuno ng iglesia. Tulungan nawa ng Diyos ang taong lalayo sa mensaheng iyon. Ngunit ibinigay ito sa isang anghel, at ang anghel na ito ay nasa Kaniyang kamay sa ilalim ng Kaniyang pamamahala, binibigyan niya ng masaganang kapangyarihan mula sa Kaniya, mula sa Kaniyang kanang kamay. Sila ang kanang kamay Niya; ang ibig sabihin, nasa pinakamataas na kapangyarihan sila habang sila'y naririto sa ibabaw ng lupa; dahil sila ang mga Liwanag na mula sa Kaniya, na nagbibigay ng Liwanag sa kapanahunan ng iglesia. Kita n'yo, "Sa anghel ng iglesia..." nakadirekta sa bituin ng kapanahunan na may pananagutan. 289 Mananagot ang anghel ng iglesia kung hindi niya ipangangaral ang Salita. Tama. At kailangang managot ang anghel na iyon sa paghuhukom.

136 Ilan ang nakaaalala sa pangitaing nakita ko rito hindi pa katagalan tungkol sa… Tignan n'yo ito. Nang ako'y nakahiga sa kama, at dumating ang Espiritu Santo; lumingon ako sa likuran, naroon ang aking maybahay. 291 At nakahiga ako roon, at ako'y umakyat sa Presensyang iyon, at nakita ko ang lahat ng mga taong iyon. At naalala n'yo bang ikinuwento ko 'yon? Lahat kayo. Kita n'yo? 292 At ang sabi ko, "Aba, sila ba'y…" 293 Ang sabi niya, "Sila'y sa'yo."

At ang sabi ko, "Mga Branham ba silang lahat?" 295 Ang sabi niya, "Hindi." Milyon-milyon sila. Aniya, "Sila'y mga naakay mo sa Panginoon." 296 At sabi ko, "Mga naakay?" 297 "Nakikita mo ba ang babaeng iyon na hinahangaan mo nang husto ro'n, bata at maganda," aniya, "lagpas nobenta na siya nang akayin mo siya kay Cristo." 298 At ang sabi ko, "Oh." Ika ko pa, "At kinatatakutan ko ito?" 299 At aniya, "Naghihintay kami rito sa pagdating ng Panginoon."

137 Ang sabi ko, "Gusto ko Siyang makita." Ang sabi niya, "Hindi mo pa Siya makikita ngayon," ngunit aniya, "malapit na Siyang dumating. Naghihintay kami sa kaniya. Ngunit sa pagdating Niya, ikaw ang una Niyang pupuntahan. At hahatulan ka ayon sa ipinangaral mong Ebanghelyo, at kami ang magiging nasasakupan mo." 301 "Buweno," Ika ko, "ibig mong sabihin, pananagutan ko ang lahat ng mga ito?" "Lahat kami." Sabi ko, "Buweno, Lahat ba'y…" Aniya, "Ipinanganak kang isang lider." At ang sabi ko, "Buweno, ang bawat isa ba'y mananagot?" Ang sabi niya, "Bawat lider?" Ang sabi ko, "Papaano si San Pablo?" Aniya, "Mananagot siya sa kaniyang panahon." "Buweno," sabi ko, "Ang ipinangaral kong ebanghelyo ay katulad ng ipinangaral niya." 302 At milyung-milyong tinig ang sumigaw, anila, "Nakasandig kami riyan." Kita n'yo? Hayan, "nakasandig." Kaya ang anghel ng Diyos, ang mensahero sa iglesia, ay mananagot kung hindi niya ipangangaral ang Salita. Tama.

138 "Natatagong mana." Ibigay natin ang interpretasyon sa abot ng makakaya natin. Ano ang tipo ng natatagong mana? Ang natatagong mana ay isang mana na itinatago sa isang dako—o isang tinapay na handog, sa Biblia, na para lamang sa saserdote. Ilan ang nakaaalam niyan? Kita n'yo? Ngayon, hindi ito

para sa... May tinapay sila para sa kongregasyon, ngunit may natatanging tinapay para sa saserdote. Tama ba iyon? 304 Isa itong natatanging tinapay, isang natatanging tinapay, natatagong mana. Ano ito? Sino ang ating Mana? Tama, sa ika-6 na kabanata ng San Juan, sa ika-48 hanggang ika-50 talata, kung isinusulat n'yo, sinabi ni Jesus na Siya, "ang Tinapay ng Buhay na na galing sa Diyos mula sa langit," ang Mana.

139 Buweno, ano ang natatagong mana? Ang manang hindi ibinibigay sa lahat ng nasa kongregasyon. Ibinubuhos ang kapahayagan sa anghel ng iglesia, ang kapahayagan ng Salita (Kita n'yo?), ibinibigay ang kapahayagan ng Salita sa anghel ng kapanahunan, dahil natago ito sa lahat ng dako, at muling inihayag (ang natatagong mana) sa… Nakadirekta ito sa anghel ng iglesia. Kita n'yo? Nakuha n'yo? Mas malaki-laking kapahayagan ito ng kung ano si Cristo, at marahil ay mas nakatataas na katawagan.

140 Iniisip ko kung napag-unawa iyon ni Luther? O ni Wesley sa kaniyang kapanahunan? Oh. Napag-

unawa kaya ito ni Saint Martin? Ni Irenaeus? Ngayon, ito'y nalalaman n'yo, ni hindi kinanonisa ng iglesia ang mga taong ito; hindi sila mga banal para sa kanila, ngunit sila ang mga nilakipan ng mga tanda. Kumuha sila ng kanilang mga sariling obispo, at iba pa, para sa ikanonisa. 307 Aba'y, hindi pa katagalan dito, nagtungo ang isang babae sa isang English blook store upang makuha ang buhay ni Saint Martin. At nang… Ang sabi niya, "Saint Martin." 308 At inilabas ng tindero ang lalagyan, at ang sabi, "Hindi siya masyadong kilala sa kasaysayan; hindi siya kinanonisa." Kita n'yo? Hanggang sa araw na ito; ngunit nasa Diyos ang pangalan niya; Kilala ng Diyos kung sino siya.

141 Kita n'yo, iyan ang pagkakaiba. Nais ng iba na mailagay ang pangalan nila sa isang malalaking bagay, ngunit ayaw ng mga tao ng Diyos ang gayong bagay. Ayaw nila ng malalaking mga bagay, at mga dakilang bagay; gusto nilang maging mapagpakumbaba, ang kapakumbabaang iyon. Ang daan paitaas ay sa baba. "Sinumang nagpapakababa ay matataas; at ang nagmamataas ay mabababa." Nagpakababa siya… Huwag n'yong pilitin maging malaki; sikapin ninyong maging maliit, ngunit magpakatotoo kayo. Kita n'yo? Magpakaliit kayo sa paningin ng Diyos; magpakaliit kayo sa inyong sariling paningin; mas mataas ang iba kaysa sa inyo. "Ang pinakadakila sa inyo ay maging lingkod ng lahat." 310 Sino ba ang mas dadakila pa kaysa kay Jesus Cristo na nagtapi at naghugas ng paa ng mga alagad? Naging hamak na tagahugas Siya ng paa. Ang Diyos ng kalangitan, ang Manlilikha ng langit at lupa, naghugas ng paa ng

mangingisda (Oh.), na may dumi at iba pa, at alikabok ng lansangan, na nakaladkad ng kanilang mga damit, at hinugasan ito; isang hamak na tagahugas ng paa, iyon Siya. At tapos ay iniisip natin na kung sino tayo. Kailangan nating maging Doktor, Ph.D. Si ganito at si ganiyan. Ay, naku. Hindi ganiyan si Cristo. Hindi iyan naglalarawan ng kaibig-ibig na si Jesus Cristo. Naging lingkod Siya ng lahat. Tama. Tinuruan Niya tayo ng halimbawa na dapat nating gawin sa isa't-isa tulad ng ginawa Niya sa atin. O, iyan ang Panginoon ko. Kaya siya nadakila, dahil nagpakaliit Siya. Kita n'yo, kaya Siya naging dakila.

142 Nagkaroon na ako ng prebilehiyong makakilala ng ilang mga dakilang tao sa buhay ko, at nagkaroon na rin ako ng prebilehiyong makakilala ng mga taong sa palagay nila'y dakila sila. Ipaiisip sa iyo ng isang tunay na dakilang tao na ika'y dakila at siya'y walang kabuluhan. Kita n'yo? Nakatatagpo ko ang mga hari, at iba pa, at mga lalaking tunay na dakila…?... Nakakatagpo ako ng mga tunay na tapat na Cristiano, tagpi-tagpi ang mga damit, at iba pa, at ilan sa kanila'y tumatayo sa pulpito na parang sabitan ng sombrero. At pagkatapos… Kita n'yo? Ay, naku. Buweno, at iba pa… Tama.

143 Ang natatagong mana, isang natatanging munting bagay. Ano ang natatangi? Hindi isang bagay na... Ang pagpapala ba ng Espiritu Santo? Hindi po, iyon ay para sa buong kongregasyon. Ngunit ang natatagong mana ay isang natatanging kapahayagan, dahil kailangan niyang turuan ang iba. Kita n'yo? Isa itong nakaaangat na kaalaman sa Kasulatan, upang magawa niyang turuan ang iba. Dapat lang na ganu'n siya. Tama ba? Hindi ka makapamumuhay nang mas mataas sa iyong pastor. Tandaaan n'yo iyan. Kita n'yo? At kaya... Dahil siya ang pastol na nagpapakain sa'yo. Kung siya ang pastol, dapat alam niya kung nasaan ang mana, na ipapakain tupa. Tama ba? Ngayon, isang munting natatanging... At masdan n'yo ito sandali, ang kapahayagan, ang natatagong mana.

144 Ngayon, batong puti, tatanggap ng isang batong puti, ang anghel na ito. Isang batong puti. Iyon ay isang bato hindi ba? At isang… Tama, kadalisayan. 314 Nakatagpo Niya minsan ang isang lalaki at Simon ang ngalan niya, at pinalitan Niya ng Bato ang pangalan niya, "Pedro." Bakit? Nasa kaniya ang mga susi. Tama ba? Pinalitan Niya ang kaniyang pangalan at ginawa siyang isang bato. Tama ba? Na kay Pedro ang mga susi, dahil siya ang may hawak ng mga susi sa Kaharian. 315 "Isang bagong pangalan, isang bagong pangalan na nakasulat sa batong ito na walang ibang nakaaalam kundi siya lamang." Kilala niya kung sino siya, ngunit hindi niya masasabi sa iba. Kita n'yo, kita n'yo? Walang ibang

nakaaalam liban sa kaniya. Kita n'yo? Alam ni Pedrong nasa kaniya ang mga susi, ngunit hindi mo siya narinig na ipinangmalaki ito. Kita n'yo? Ang mga taong nagyayabang kung ano sila kadalasan ay mga walang kwenta. "Isang batong puti, at dito'y may bagong pangalan," hindi niya sariling pangalan, kundi sa iba (Kita n'yo) na siya lamang ang nakaaalam (siya na nagtataglay ng bato, ang pangalan). Kita n'yo, natatanging mana upang pakanin ang iglesia, tandaan.

145 Alalahanin na nang maganap ito sa iglesiang ito; sa kapanahunan ding iyon, sa oras ding iyon na Ito ay naihayag, nagtayo naman ang mga Nicolaitanes ng isang pinuno ng kanilang iglesia, isang papa, at binigyan siya ng isang dambanang yari sa batong puti sa ibaba niya, sa ilalim niya, isang dambanang marmol (Tama ba iyon?) at pinalamutian ng mga buton, at ng mga gayong bagay, na mahalaga sa kaniya. 317 Ngunit alam nitong Anghel ng Panginoon kung sino siya, isang anak ng Diyos, sa pamamagitan ng kapahayagan ni Jesus Cristo. 318 At nang maitayo na ng mga Nicolaitanes ang kanilang lider at nakapaglagay na ng batong marmol sa kaniyang paanan (Kita n'yo?), itinayo rin ng Diyos ang Kaniyang lider na puspos ng Espiritu para sa Kaniyang pangkat na puspos ng Espiritu: Ang Kaniyang mga anghel; at inilagay sa kaniya ang selyo ng isang pangalan, ngunit hindi niya ito dapat ihayag. Kailangan niya itong sarilinin. Kita n'yo? "Walang ibang nakakaalam kundi siya lamang." 319 "Natatagong mana, isang bato, isang bagong pangalan na walang ibang nakaaalam kundi siya lamang," at nakadirekta ito sa anghel ng iglesia. Alam kaya ito ni Luther? Alam kaya ito ni Wesley? Alam kaya ito ng iba pang mga dakilang

anghel?

146 At ano kaya kung sa araw na ito, kung sa... Malapit nang dumating sa mundo, ang dakilang anghel ng Kaliwanagan na darating sa atin, na mangunguna sa atin sa paglabas, isang dakilang Espiritu Santo na darating sa kapangyarihan, at pangungunahan tayo sa Panginoong Jesus Cristo. Marahil ay hindi niya ito alam, ngunit darating siya isa sa mga araw na ito. Kaniyang... Ipakikilala siya ng Diyos. Hindi niya kailangang ipakilala ang kaniyang sarili; ang Diyos ang magpapakilala sa kaniya. Patutunayan ng Diyos ang sa Kaniya. Iyon ang sabi Niya nung narito si Jesus at hindi nila Siya nakilala. Kita n'yo? Sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ay huwag ninyo Akong sampalatayanan; datapuwa't kung ginagawa Ko ang mga gawa ng

Aking Ama, at hindi kayo manampalataya sa Akin, kung gayo'y manampalataya kayo sa mga gawa." Tama ba?

147 O, hindi ba't kamangha-mangha Siya. Ang Aklat ng Apokalipsis... Ngayon, nakita n'yo kung nasaan ang mga iglesia? Nakita n'yo kung papaano silang nasiksik palabas? Nakita n'yo kung papaano lumabas ang iglesia rito? Ngayon, ito ang kapanahunan na pupuntahan natin bukas ng gabi, kung loloobin ng Panginoon. 322 Ngayon, ipagpaumanhin ninyong napagtagal ko kayo nang husto, ngunit inaasahan kong may matututunan kayo. At sa pagtatala, na kung… May ilan pa ako rito, mga tatlo o apat pang pahina, ngunit sadyang wala na akong oras para talakayin ito. At lumalalim na ang gabi, at ngayo'y mga labimpitong minuto na lang bago... Ngunit ilalagay naman natin ito sa aklat, kaya't makukuha rin natin.

148 Ngayon, ilan ang nagmamahal sa Kaniya nang buong puso n'yo? Sino ang nananampalataya sa Kaniya nang buong puso n'yo? Oh. Ngayon, sa palagay n'yo kaya'y tatayo ako rito dahil lang sa hindi tayo isang organisasyon, at upang sabihin ang mga bagay na iyon? Nauunawaan n'yo na ba ngayon, mga kapatid, kung bakit nilabanan ko ang bagay na iyon buong buhay ko? Kita n'yo, ang Espiritu Santo 'yon. Ako mismo, hindi ko iyon maintindihan; nitong mga nakaraang araw ko lang ito nalaman. Kita n'yo? Hindi ko alam kung anong nagbunsod sa akin na gawin iyon; hindi ko alam kung bakit palagi akong tinutuligsa ang mga kababaihang mali ang pamumuhay at iba pang mga bagay; Hindi ko alam dati; ngunit alam ko na ngayon. Kita n'yo?

149 Ngayon, alam ng Diyos na mali ang mga bagay na ito. Narito, ang mga ito'y nahango mula sa kasaysayan at maaaring... Ang sabi ng Biblia... Ngayon, tignan n'yo ito. Noon una pa man ay sinabi na ng Biblia na magaganap ang mga bagay na ito. Ngayon, alam natin iyan, hindi ba? At kinuha natin ang kasaysayan ng panahong iyon, at nakita nating naganap iyon nang eksaktongeksakto sa pagkakasabi ng Biblia. Tama ba? Buweno, kung gayon, pagdating natin sa kapanahunan ng ating iglesia, at sa kung anong inihula sa kapanahunan ng ating iglesia, magaganap ito nang eksaktong-eksakto sa pagkakasabi ng Diyos. Naniniwala ba kayo riyan.? O, Ayaw n'yo bang... Oh, I want to see Him, look upon His face, There to sing forever of His saving grace; On the streets of glory let me lift my voice; Cares all past, home at last, ever to rejoice, Oh, I want to see Him, look... (O, ilang ang may gusto?)

There to sing forever of His saving grace; On the streets of glory let me lift my voice; Cares all past, home at last, ever to rejoice.

150 Ngayon, habang nakikipagkamay kayo sa isa't isa, sa unahan, sa likuran, at sa palibot, sa lahat ng mga Methodist, Baptist, Presbyterian, maging anupaman... As I travel through this land, singing as I go, Oh, pointing souls to Cal... (hindi sa iglesia, sa Kalbaryo), to the crimson flow, Many arrows pierce my soul from without, within; Oh, but my Lord leads me on, to Him I must cling. 326 Tumayo tayo ngayon. Oh, I want to see Him, look upon His face, There to sing forever... (Itaas natin ang ating mga kamay.)... saving grace; On the streets of glory let me lift my voice; Cares all past, home at last, ever to rejoice.

151 Oh, pinakamamahal ko Siya. Pinakamamahal ko Siya. Kamanghamangha, kamangha-mangha. Wonderful, wonderful, Jesus is to me, The Counselor, Prince of Peace, Mighty God is He; Oh, saving me, and keeping me from all sin and shame, Wonderful is my Redeemer, praise His Name. 328 I once was lost, now I'm found, free from condemnation, Jesus gives liberty and a full salvation; Saving me and keeping me, oh, from all sin and shame, Wonderful is my Redeemer, praise His... (Lahat tayo, lakasan natin.) Oh, wonderful, wonderful, Jesus is to me, Counselor, Prince of Peace, Mighty God is He; Oh, saving me, keeping me from all sin and shame, Wonderful is my Redeemer, praise His Name. 329 Oh, how wonderful. Oh, wonderful, wonderful, that Jesus is to me, He's the Counselor, the Prince of Peace, the Mighty God is He;

He's saving me, keeping me from all sin and shame, Wonderful is my Redeemer, praise His Name.

152 Sabay-sabay nating sabihin, "Purihin Ang Ngalan Niya." Purihin ang Ngalan Niya. Aking Manunubos... Tandaan, bukas ng gabi, alas siyete. Hanggang sa pagkakataong iyon, hanggang sa pagbalik ninyong muli, gawin n'yo ito. Take the Name of Jesus with you, Child of sorrow and of woe; It will joy and comfort give... (...?... ang makasama kayo, mga kapatid, Diyos...?...)... go. Precious Name (precious Name), O how sweet. (O how sweet.) Hope of earth and joy of heaven; Precious Name (precious

Name), O how sweet. Hope of earth and joy of heaven. Habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo ngayon sa panalangin para sa huling awit o huling stanza... At the Name of Jesus bowing, Falling prostrate at... (Panginoong Diyos, pagalingin Mo ang mga ito, Panginoon, habang kami'y...?...)... we'll crown Him, Oh, when our journey is complete.

MESSAGE online hub

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7